

COUNTY NG SOLANO

Handbook ng Miyembro sa Kalusugan ng Pag-uugali

**Mga Espesyal na Serbisyo sa Mental
Health ng Sistema ng Organisadong
Paghahatid ng Medi-Cal na Gamot**

2101 Courage Dr

Fairfield, CA 94533

**Solano County Access Line (800) 547-0495 bukas 24 oras sa isang
araw, 7 araw sa isang linggo**

Epektibo: Enero 1, 2025¹

¹ Ang handbook na ito ay dapat ibigay sa unang beses na pagkuha ng serbisyo ng benipisiyaryo

MGA TAGLINE NG WIKA

English Tagline

ATTENTION: If you need help in your language call 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). These services are free of charge.

الشعار بالعربية (Arabic)

يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة برييل والخط الكبير. اتصل بـ 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). هذه الخدمات مجانية.

Հայերեն պիտակ (Armenian)

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922): Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված կրթություն: Չանգահարեք 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922): Այդ ծառայություններն անվճար են:

ប្រាសាទសំខេមបូឌី (Cambodian)

ចំណាំ: បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922)។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរធំ សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពធំ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ 1-800-547-0495(TTY: 1-800-735-2922)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

简体中文标语 (Chinese)

请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922)。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如盲文和需要较大字体阅读，也是方便取用的。请致电 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922)。这些服务都是免费的。

مطلب به زبان فارسی (Farsi)

توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922) تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922) تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

हिंदी टैगलाइन (Hindi)

ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल

और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922) पर कॉल करें।
ये सेवाएं नि: शुल्क हैं।

Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong)

CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

日本語表記 (Japanese)

注意日本語での対応が必要な場合は 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922)へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922)へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

한국어 태그라인 (Korean)

유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

ແທກໄລພາສາລາວ (Laotian)

ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ ເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມິຕິພິມໃຫຍ່ ໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

Mien Tagline (Mien)

LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hlou mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi)

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). ਅਪਾਰਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922)। ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

Русский слоган (Russian)

ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру 1-800-547-0495 (линия ТТУ: 1-800-735-2922). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру 1-800-547-0495 (линия ТТУ: 1-800-735-2922). Такие услуги предоставляются бесплатно.

Mensaje en español (Spanish)

ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). Estos servicios son gratuitos.

Tagalog Tagline (Tagalog)

ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). Libre ang mga serbisyong ito.

แท็กไลน์ภาษาไทย (Thai)

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922) นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

Примітка українською (Ukrainian)

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). Ці послуги безкоштовні.

Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese)

CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số 1-800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). Các dịch vụ này đều miễn phí.

TALAN NG MGA NILALAMAN

MGA IBA PANG WIKA AT PORMAT	6
IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN SA COUNTY	8
LAYUNIN NG HANDBOOK NA ITO	9
IMPORMASYON SA MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN NG PAG UUGALI	11
PAG ACCESS SA MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN NG PAG UUGALI	15
PAGPILI NG PROVIDER	25
ANG IYONG KARAPATAN PARA SA PAG-ACCESS SA MGA MEDICAL RECORDS AT IMPORMASYON NG PAGGAMIT NG DIREKTORYO PROVIDER SMART NA MGA DEVICE	28
SAKLAW NG MGA SERBISYO	29
MGA AVAILABLE NA SERBISYO SA PAMAMAGITAN NG TELEPHONE O TELEHEALTH	51
ANG PROSESO NG RESOLUSYON SA PROBLEMA: UPANG MAGSAMPA NG HINAING, MAG-APELA, O HUMILING NG ISANG STATE FAIR HEARING	52
ANG ADVANCE DIRECTIVE O ANG PAUNANG DIREKTIBA	65
MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD	67
KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA IYONG COUNTY	78
PAUNAWA NG WALANG DISRKIMINASYON	81

MGA IBA PANG WIKA AT PORMAT

Mga Ibang Wika

Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa 800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). Available din ang mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malalaking print. Tumawag sa 800-547-0495 (TTY: 1-800-735-2922). Ang mga serbisyong ito ay walang bayad.

Iba Pang Mga Pormat

Maaari mong makuha itong impormasyon sa iba pang pormat, tulad ng braille, malalaking letra na 20-point, audio, at madaling ma-access na pormat na elektroniko na walang bayad. Tumawag sa Solano MHP 800-547-0495. Libre ang tawag na ito.

Serbisyo ng Tagasalin/Interpreter

Ang Solano MHP ay nagbibigay ng serbisyo ng interpretasyon o pagsalin mula sa isang kwalipikadong mga tagasalin 24 oras na walang bayad. Hindi mo na

kailangan gamitin ang isang kamag-anak o kaibigan bilang tagasalin. Iwasan na gumamit ng mga menor de edad bialng mga tagasalin, maliban kung ito ay emerhenisya. Mayroong serbisyo ng pagsalin, panglingwistika at pangkultura 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Para sa tulong sa wika o makakuha nitong handbook sa ibang wika, tumawag sa 800-547-0495. Libre ang tawag na ito.

IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN SA COUNTY

Naririto kami para tumulong. Ang sumusunod na impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng county ay tutulong sa iyo na makuha ang mga serbisyong kailangan mo.

Numero ng telepono ng County – (707) 784-8320

Solano County Access Line - (800) 547-0495

Website ng Kalusugan ng Pag-uugali ng Count - [Solano County - Behavioral Health](#)

Direktoryo ng Provider ng County - [Solano County - Provider Directory](#)

County Patient Access Application Programming Interfaces (APIs) - [Solano County - Access My Health Records](#)

Sino Ang Aking Kokontakin Kapag Naiisip kong Magpakamatay?

Kung ikaw o ang isang kakilala ay nasa krisis, tumawag sa National Suicide Prevention Lifeline sa **988** o **1-800-273-TALK (8255)**. Pwede rin makipag-chat sa <https://988lifeline.org/>

Para sa mga lokal na residente na naghahanap ng tulong para sa isang krisis at pag-access sa lokal na programa, tumawag sa 1-707-428-1131.

LAYUNIN NG HANDBOOK NA ITO

Bakit Mahalaga Na Basahin Itong Handbook?

Ang iyong county ay may plano sa kalusugan ng pag-iisip na nag-aalok ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na kilala bilang “mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip”. Bukod pa rito, ang iyong county ay may Sistema ng Organisadong Paghahatid ng Medi-Cal na Gamot na nagbibigay ng mga serbisyo para sa paggamit ng alkohol o droga, na kilala bilang “substance use disorder services o mga serbisyong para sa karamdaman sa paggamit ng sangkap”. Sama-sama, ang mga serbisyong ito ay kilala bilang “mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali”, at mahalaga na mayroon kang impormasyon tungkol sa mga serbisyong ito upang makuha mo ang pangangalaga na kailangan mo. Ipinapaliwanag ng handbook na ito ang iyong mga benepisyo kung paano kumuha ng pangangalaga. Sasagutin din nito ang iyong mga katanungan.

Iyong matutunan kung:

- Paano makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa pamamagitan ng iyong county.
- Anong mga benepisyo ang maaari mong ma-access.
- Ano ang iyong gagawin kung may tanong o problema
- Ang iyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng iyong county.
- Kung mayroong pang karagdagang impormasyon tungkol sa iyong county, na maaaring ipahiwatig sa dulo ng handbook na ito.

Kung hindi mo nabasa ang handbook na ito ngayon, dapat mong panatilihin taglay ito, upang mabasa mo ito sa ibang pagkakataon. Ang aklat na ito ay nilalayong magamit kasama ng aklat na nakuha mo noong nag-sign up ka para sa iyong mga benepisyo sa Medi-Cal. Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa iyong mga benepisyo sa Medi-Cal, tawagan ang county gamit ang numero ng telepono sa harap ng aklat na ito.

Saan Maaaring Magpunta Para Sa Marami Pang Impormasyon Tungkol Sa Medi-Cal?

Bumisita sa Department of Health Care Services website sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/Beneficiaries.aspx>

para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medi-Cal..

IMPORMASYON SA MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN NG PAG UUGALI

Paano Masasabi Kung Ikaw o Isang Kakilala Mo ay Nangangailangan ng Tulong

Maraming tao ang dumaranas ng mapaghamong panahon sa buhay at maaaring makaranas ng mga kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip o paggamit ng bawal na gamot. Ang pinakamahalaga ay alalahanin na may tulong na nakahanda. Kung ikaw o ang iyong miyembro ng pamilya ay kwalipikado para sa Medi-Cal at nangangailangan ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, dapat mong tawagan ang 24/7 Access Line na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Ang iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga ay maaari ding makatulong sa iyo na makipag-ugnayan sa iyong county kung naniniwala silang kailangan mo o ng isang miyembro ng pamilya ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na hindi saklaw o sakop ng plano ng pinamamahalaang pangangalaga. Tutulungan ka ng iyong county na makahanap ng provider para sa mga serbisyong maaaring kailanganin mo.

Makakatulong sa iyo ang listahan sa ibaba na magpasya kung kailangan mo o ng isang miyembro ng pamilya ng isang pantulong. Kung higit sa isang senyales ang naroroon o nangyayari ng matagal na panahon, maaaring ito ay isang senyales ng isang mas malubhang problema na nangangailangan ng propesyonal na tulong. Narito ang ilang karaniwang mga senyales na maaaring kailanganin mo ng tulong sa isang kundisyon sa kalusugan ng isip o kundisyon sa paggamit ng sangkap o bawal na gamot:

Mga Kaisipan at Damdamin

- Matinding pagbabago sa mood o pag-uugali, posibleng walang dahilan, tulad ng:
 - Sobrang pag-aalala, pagkabalisa, o pagkatakot
 - Masyadong malungkot o mababa
 - Masyadong maganda ang pakiramdam, parang nasa ibabaw ng mundo
 - Moody o pagkagalit ng sobrang tagal
- Pag-iisip tungkol sa pagpapakamatay
- Nakatuon lamang sa pagkuha at paggamit ng alak o droga
- Problema sa pag-pokus, memorya o makatwirang pag-iisip at pagsasalita na mahirap ipaliwanag

- Problema sa pagdinig, paningin o nakakaramdam ng mga bagay na mahirap ipaliwanag o mga bagay na ayon sa maraming tao ay hindi totoo.

Pisikal

- Maraming mga pisikal na problema, posibleng walang mga malinaw na dahilan, gaya ng:
 - Sakit ng ulo
 - Sakit ng tiyan
 - Natutulog ng sobra o kulang
 - Pagkain ng sobra o kulang
 - Hindi makapagsalita ng malinaw
- Pagtangi sa hitsura o matinding pag-aalala sa mga hitsura, tulad ng:
 - Biglang pagbaba o pagtaas ng timbang
 - Namumulang mga mata at hindi pangkaraniwang malalaking pupil
 - Kakaibang amoy sa hininga, katawan, o pananamit

Pag-uugali

- Ang pagkakaroon ng mga kahihinatnan mula sa iyong pag-uugali dahil sa mga pagbabago sa iyong kalusugang pangkaisipan o paggamit ng alak o droga, tulad ng:
 - Pagkakaroon ng mga isyu sa trabaho o paaralan
 - Mga problema sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao, pamilya, o kaibigan
 - Nakakalimutan ang iyong mga ipinangako
 - Hindi magawa ang pang-araw-araw na gawain
- Pag-iwas sa mga kaibigan, pamilya, o mga aktibidad sa lipunan
- Pagkakaroon ng lihim na pag-uugali o lihim na pangangailangan ng pera
- Pagiging kasangkot sa legal na sistema dahil sa mga pagbabago sa iyong kalusugang pangkaisipan o paggamit ng alak o droga

Mga Miyembrong Wala pang 21 taong gulang

Paano Ko Malalaman Kung Ang Isang Bata O Teenager Ay Kailangan Ng Tulong

Maaari mong kontakin ang iyong plano ng linya ng kalusugan ng kaisipan sa 1-800-547-0495 o ang pinamamahalaan na plano ng pangangalaga para sa isang eksamen at

pagsusuri ng iyong anak o teenager kung sa tingin mo ay mayroon silang sintomas ng kondisyon ng kalusugan ng kaisipan. Kung ang iyong anak o teener ay kwalipikado para sa Medi-Cal at ang screening o pagtatasa ay nagpapakita na ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay kailangan, kung gayon ay aayusin ng county ang iyong anak o teener na makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Ang iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga ay maaari ring makatulong sa iyo na makipag-ugnayan sa iyong county kung naniniwala silang ang iyong anak o teener ay nangangailangan ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na hindi saklaw ng plano ng pinamamahalaang pangangalaga. Mayroon ding mga serbisyong magagamit para sa mga magulang na nakakaramdam ng pagkabalisa sa pagiging isang magulang.

Ang mga menor de edad na 12 taong gulang o mas matanda, ay maaaring hindi nangangailangan ng pahintulot ng magulang upang makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa outpatient o mga serbisyo ng residential shelter kung naniniwala ang dumadalo na propesyonal na kinatawan na ang menor de edad ay may sapat na gulang upang lumahok sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali o mga serbisyo ng tirahan sa tirahan. Ang mga menor de edad na 12 na taong gulang o mas matanda, ay maaaring hindi nangangailangan ng pahintulot ng magulang upang makatanggap ng pangangalagang medikal at pagpapayo upang gamutin ang isang problemang nauugnay sa sakit sa paggamit ng sangkap. Ang paglahok ng magulang o tagapag-alaga ay kinakailangan maliban kung ang dumadalo na propesyonal na tao ay nagpasiya na ang kanilang pagkakasangkot ay magiging hindi naaangkop pagkatapos kumunsulta sa menor de edad.

Ang listahan sa ibaba ay makakatulong sa iyo na magpasya kung ang iyong anak o teener ay nangangailangan ng tulong. Kung higit sa isang senyales ang naroroon o nagpapatuloy sa mahabang panahon, maaaring ang iyong anak o teener ay may mas malubhang problema na nangangailangan ng propesyonal na tulong. Narito ang ilang palatandaang titingnan:

- May malaking problema sa pagtutuon ng pansin o pananatiling tahimik, paglalagay sa kanila sa pisikal na panganib o nagdudulot ng mga problema sa paaralan

- Matinding pag-aalala o takot na humahadlang sa pang-araw-araw na gawain
- Biglang matinding pagkatakot nang walang dahilan, minsan ay may mabilis na pagtibok ng puso o mabilis na paghinga
- Nakakaramdam ng matinding pagkalungkot o lumalayo sa iba sa loob ng dalawa o higit pang linggo, na nagiging sanhi ng mga problema sa pang-araw-araw na gawain
- Matinding mga pagbabago-bago ng kalagayan ng kalooban na nagdudulot ng mga problema sa mga relasyon
- Malaking pagbabago sa pag-uuugali
- Hindi pagkain, pagsusuka, o paggamit ng gamot upang maging sanhi ng pagbaba ng timbang
- Madalas na paggamit ng alkohol o droga
- Matindi, hindi mapigilan na pag-uugali na maaaring makasakit sa saril o sa iba
- Seryosong plano o magtatangka na saktan o patayin ang sarili
- Palaging nakikipag-away, o paggamit ng sandata, o seryosong plano na saktan ang ibang tao

PAG ACCESS SA MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN NG PAG UUGALI

Paano Ako Makakuha Ng Espesyal Na Serbisyo Ng Kalusugan Ng Kaisipan?

Kung sa tingin mo ay kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali tulad ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip at/o mga serbisyo sa sakit sa paggamit ng sangkap, maaari mong tawagan ang iyong county gamit ang numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Sa sandaling makipag-ugnayan ka sa county, makakatanggap ka ng screening at ma-schedule para sa isang appointment para sa isang pagtatasa.

Maaari din makahiling ng mga serbisyo ng kalusugan ng kaisipan mula sa iyong plano ng pinangangasiwaan na pangangalaga kung ka ay isang benepisiyaryo. Kung natukoy nang pinamamahalaang plano ng pangangalaga na nakamit mo ang pamantayan para sa mga espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan, tutulungan ka ng pinamamahalaan na plano ng pangangalaga para makatanggap ng pagsusuri nang makakuha mga serbisyo ng kalusugan ng kaisipan sa pamamagitan ng plano ng kalusugan ng kaisipan. Sa kalaunan, walang maling pagpipilian para makakuha ng mga serbisyong pangkalusugan sa pag-uugali. Maaari ka ring makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa pamamagitan ng iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga bilang karagdagan sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa pamamagitan ng iyong county. Maaari mo rin na makuha itong mga serbisyo sa pamamagitan ng iyong tagabigay ng kalusugan ng kaisipan kung ang iyong provider ay natukoy na ang mga serbisyo ay angkop sa iyo basta ang iyong mga serbisyo ay naitutugma at nauulit.

Bilang karagdagan, tandaan ang sumusunod:

- Maaari din kan ma-ireper ng iyong plano ng kalusugan ng kaisipan para sa espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan mula sa isang tao o organisasyon, kasama ang iyong general practitioner, paaralan, miyembro ng pamilya, tagapag-alaga, o ang iyong pinamamahalaan na plano ng pangangalaga, o ng iba pang mga ahensiya. Karaniwan, kakailanganin ng iyong doktor o ng plano ng

pinamamahalaang pangangalaga ang iyong pahintulot o ang pahintulot ng magulang o tagapag-alaga ng isang bata, upang direktang gawin ang referral sa county, maliban kung may emergency.

- Ang iyong plano sa kalusugan ng kaisipan ay maaaring hindi tanggihan ang kahilingan na gumawa ng isang pangunahing pagsusuri upang matukoy kung ang isang pamantayan para sa pagtanggap ng mga serbisyo mula sa plano sa kalusugan ng kaisipan ay natugunan
- Mga espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan ay maaaring maibigay ng plano ng kalusugan ng kaisipan (county) o ng ibang mga tagapagbigay ng plano ng kalusugan ng kaisipan na kinonkontrata (tulad ng mga klinika, sentro ng gamutan, mga organisasyon base sa komunidad, o mga indibidwal na tagapagbigay).

Saan Ako Makakakuha Ng Espesyal Na Serbisyo Ng Kalusugan Ng Kaisipan?

Maaari kang makakuha ng mga espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan sa county kung saan ka nakatira, at sa labas ng county kung kinakailangan Bawat county ay mayroong espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan para sa mga bata, kabataan, adulto, at mga nakakatandang adulto. Kung ikaw ay mas бага sa 21 na taon, karapatdapat ka para sa karagdagang pagsakop at mga benepisyo sa ilalim ng Maaga, Paminsanmisan na Pagususri, Diagnostiko, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment). Tingnan ang seksyong “Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostic, at Paggamot” ng handbook na ito para sa higit pang impormasyon.

Ang iyong plano ng kalusugan ng kaisipan ay tutulong para makahanap ng provider o tagabigay na maaaring makakuha ng iyong pangangalaga na kailangan. Dapat kang ireper ng iyong plano ng kalusugan ng kaisipan sa pinakalamit sa bahay mo na provider, o sa parehong distansya ng mga pamantayan na makakamit ang iyong mga pangangailangan.

Kailan Ako Makakuha Ng Espesyal Na Serbisyo Ng Kalusugan Ng Kaisipan?

Kailangang matugunan ng iyong county ang mga pamantayan sa oras ng appointment kapag nag-schedule ng serbisyo para sa iyo. Para sa mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan, kailangan alokin ka ng plano ng kalusugan ng kaisipan ng isang appointment:

- Sa loob ng 10 araw ng trabaho para sa mga hindi madalian na hiling para masimulan ang serbisyo sa plano ng kalusugan ng kaisipan;
- Sa loob ng 48 na oras kung humiling ng serbisyo para sa isang madalian na kondisyon;
- Sa loob ng 15 na araw ng trabaho para sa mga hindi madalian na hiling para sa isang appointment sa psychiatrist; at,
- Sa loob ng 10 araw mula sa naunang appointment para sa hindi madalian na follow up na mga appointment para sa mga patuloy na kondisyon.

Para sa mga serbisyo ng karamdaman sa paggamit ng sangkap, dapat mag-alok sa iyo ang county ng appointment:

- Sa loob ng 10 araw ng negosyo ng iyong hindi agarang kahilingan na magsimula ng mga serbisyo sa isang provider ng karamdaman sa paggamit ng sangkap para sa outpatient at intensive outpatient na serbisyo;
- Sa loob ng 3 araw ng negosyo ng iyong kahilingan para sa mga serbisyo ng Programa sa Paggamot ng Narkotiko;
- Isang pag-follow-up na hindi agarang appointment sa loob ng 10 araw kung sumasailalim ka sa isang kurso ng paggamot para sa isang patuloy na sakit sa paggamit ng sangkap, maliban sa ilang partikular na kaso na tinukoy ng iyong nagpapagamot na provider.

Gayunpaman, itong mga oras ay maaaring mas mahaba kung ang iyong provider ay natukoy na ang mas mahabang panahon ng paghintay ay angkop at hindi makakasira sa iyong kalusugan. Kung sinabi sa iyo na ikaw ay inilagay sa isang waitlist at pakiramdam na ang haba ng panahon ay nakakapinsala sa iyong kalusugan, makipag-ugnayan sa iyong county sa numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook na ito.

Mayroon kang karapatan na magsampa ng hinaing kung hindi ka nakatanggap ng napapanahon na pangangalaga. Para sa marami pang impormasyon para sa pagsampa ng hinaing mangyari lamang tignan ang “The Grievance Process” (Proseso ng Hinaing) na seksyon sa handbook na ito

Ano Ang Mga Serbisyong Emerhensiya?

Ang mga serbisyong emerhensiya ay mga serbisyo para sa mga benepisiyaryo na dumaranas ng hindi inaasahang mga kondisyong medikal, kasama ang psychiatric na emerhensiya na kondisyon na medikal. Ang isang kondisyon na medikal na emerhensiya ay may mga sintomas na malubha (maaaring matinding pananakit) na maaaring asahan ng isang karaniwang tao sa anumang oras:

- Ang kalusugan ng indibidwal (o kalusugan ng sanggol sa sinapupunan) ay maaaring nasa malubhang kondisyon
- Nagsasanhi ng malubhang pinsala sa paraan ng paggana ng iyong katawan
- Nagsasanhi ng malubhang pinsala sa anumang bahagi ng katawan.

Nangyayari ang isang emerhensiyang kondisyon na medikal na psychiatric kapag akala ng isang karaniwang tao na siya ay:

- Isang kasalukuyang panganib sa kaniyang sarili o sa ibang tao dahil sa isang kondisyon ng kalusugan ng kaisipan o hinihinala na kondisyon ng kalusugan ng kaisipan.
- Biglaang hindi makapagbigay o makakain, o magsuot ng damit o tirahan dahil sa isang kondisyon ng kalusugan ng kaisipan o hinihinala na kondisyon ng kalusugan ng kaisipan.

Serbisyong pang emerhenisya ay sakop ng 24 oras isang araw, pitong araw sa isang linggo para sa mga benepisiyaryo. Hindi kinakailangan ng pangunahing awtorisasyon para sa mga emerhensiyang serbisyo. Ang programa ng Medi-Cal ay sasagutin ang mga kondisyon na emerhensiya, maging kondisyon man ito gawa ng kalusugang pisikal o kondisyon ng kalusugan ng kaisipan (pag-iisip, nararamdaman, paguugali na mga sanhi ng pagkabalisa/ o hindi pakikitungo sa sarili o sa ibang tao.) Kung miyembro ng Medi-

Cal, hindi ka sisingilin sa pagpunta sa emergency room, kahit hindi ito emerhensiya. Kung sa tingin mo ay mayroong emerhensiya, tumawag sa **911** o pumunta sa anumang ospital para makahingi ng tulong.

Sino ang Magpapasya Kung Aling Mga Serbisyo ang Matatanggap Ko?

Ikaw, ang iyong provider, at ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay makikipagugnayan sa pagpasiya sa kung anong mga serbisyo ang iyong matatanggap sa pamamagitan ng plano ng kalusugan ng kaisipan. Isang propesyonal sa kalusugan ng pag-uugali ay makikipag-usap sa iyo at tutulong na matukoy kung anong uri ng mga serbisyo ang kailangan.

Hindi mo kailangan malaman kung ikaw ay may diagnosis ng kalusugan ng kaisipan or partikolar na kondisyon na kalusugan ng kaisipan para humingi ng tulong. Makakatanggap ka ng ilang serbisyo habang kinukumpleto ng iyong provider ang isang pagtatasa.

Kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, , maaari din na ma-access ang espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan kung mayroong kondisyon ng kalusugan ng kaisipan na dulot ng trauma, pagkasangkot sa child welfare system (sistema ng kapakanan ng bata), pagkasangkot sa juvenile justice (hustisya ng kabataan), o dumaranas ng kawalan ng tahanan. Karagdagan pa dito, kung ikaw ay mas bata sa edad na 21, ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay dapat maghatid ng mga serbisyong medikal na kinakailangan para ma-itama o mapaginhawa ang iyong kalusugan ng kaisipan.

Ilang mga serbisyo ay maaaring mangailangan ng otorisasyon mula sa plano ng kalusugan ng kaisipan. Mga Serbisyo na baka mangailangan ng pangunahing otorisasyon ay ang mga: Intensibong Serbisyo Na Pambahay, Intensibong Arawan na Paggamot. Arawan na Rehabilitasyon, Serbisyo ng Terapiya sa Pag-uugali, at Foster Care na Terapiya at Mga Serbisyo sa Residensyal sa Karamdaman sa Paggamit ng Sangkap. Maaari rin na tangungin ang plano ng kalusugan ng kaisipan para sa

karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pangunhing pahintulot. Tawagan ang iyong county gamit ang numero ng telepono sa pabalat ng handbook na ito upang humiling ng karagdagang impormasyon.

Ang proseso ng otorisasyon ay dapat sundin ang mga partikolar na saklaw ng panahon o timeline:

- Para sa isang karaniwang awtorisasyon sa karamdaman sa paggamit ng sangkap, dapat magpasya ang county sa kahilingan ng iyong provider sa loob ng 14 na araw sa kalendaryo.
 - Kung ikaw o ang iyong provider ay humiling, o kung sa tingin ng county na ito ay para sa iyong interes na makakuha ng higit pang impormasyon mula sa iyong provider, ang timeline ay maaaring pahabain hanggang sa isa pang 14 na araw ng kalendaryo. Ang isang halimbawa kung kailan ang isang extension ay maaaring sa iyong interes ay kapag ang county ay nag-iisip na maaari nitong aprubahan ang kahilingan ng iyong provider para sa awtorisasyon kung ang county ay may karagdagang impormasyon mula sa iyong provider at kailangang tanggihan ang kahilingan nang walang impormasyon. Kung palawigin ng county ang timeline, padadalhan ka ng county ng nakasulat na paunawa tungkol sa extension.
- Para sa isang karaniwang paunang awtorisasyon sa kalusugan ng isip, ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay dapat magpasya base sa hiling ng provider bilang hinihiling ng iyong kondisyon, ngunit hindi dapat lumagpas ng limang (5) aaw mula sa pagkatanggap ng hiling ng plano ng kalusugan ng kaisipan.
 - Halimbawa, kung susundin ang karaniwang batayan ng takdang panahon ay maaaring malagay sa panganib ang iyong buhay, kalusugan, o kakayahan na makamit, mapanatili, o muling magamapanan ang mga tungkulin, dapat madaliin ng iyong plano ng kalusugan na kaisipan ang isang desisyon ng awtorisasyon at magbigay ng paunawa base sa saklaw ng panahon kaugnay ng iyong kondisyon ng kalusugan na hindi hihigit sa 72 na oras pagkatanggap ng hiling ng serbisyo. Ang iyong plano ng kalusugan ng kaisipan ay maaaring pahabain hanggang sa 14 na karagdagang araw pagkatanggap ng hiling nga plano ng kalusugan ng

kaisipan kung ikaw o ang iyong provider ay humiling ng ekstensyon o ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay magbigay ng dahilan kung bakit ang ekstensyon ay para sa iyong kapanan.

Sa parehong mga pagkakataon, kung palalawigin ng county ang timeline para sa kahilingan ng awtorisasyon ng provider, padadalhan ka ng county ng nakasulat na paunawa tungkol sa extension. Kung ang county ay hindi gumawa ng desisyon sa loob ng nakalistang mga timeline o tinatanggihan, inaantala, binabawasan, o tinatapos ang mga serbisyong hiniling, dapat magpadala ng Paunawa ng Pagpasiya ng Salungat Na Benepisyo (Benepisyo Notice of Adverse Benefit Determination) ang ang plano ng kalusugan ng kaisipan na nagsasabi na ang mga serbisyo ay hindi inaprubahan, maantala, mabawasan o ihinto, ipapaalam sa iyo na maaaring umapela, at bibigyan ka ng impormasyon kung paano magsampa ng apela.

Maaari kang humiling sa county ng karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pagpapahintulot nito.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county sa isang proseso ng awtorisasyon, maaari kang maghain ng apela. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang seksyong “Paglutas ng Problema” ng handbook na ito.

Ano Ang Medikal Na Pangangailangan?

Ang mga serbisyong inyong matatanggap ay dapat isang medikal na pangangailangan at angkop para matugunan ang iyong kondisyon. Para sa mga indibidwal sa 21 na taon o mas matanda pa, ang serbisyo ay medikal na kinakailangan kapag ito makatwiran at kinakailangan para protektahan ang iyong buhay, maiwasan ang isang malubhang kapansan, o mapaginhawa ang malubhang pananakit.

Para sa mga indibidwal na mas bata sa 21 na taon, ang isang serbisyo ay itinuturing na medikal na kinakailangan kung ito ay nagwawasto, nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o ginagawang mas matitiis ang isang kundisyon sa kalusugan ng pag-

uugali. Mga serbisyo na nagpapanatili, sinusupportahan, pinapahusay o ginagawang maginhawa ang isang kondisyon ng kalusugan ng kaisipan ay tinuturing na isang medikal na pangangailangan at sinasakop ng mga serbisyo ng maaga at paminsanminsang pagsusuri, diagnostiko at paggamot.

Paano Ako Makakakuha Ng Iba Pang Mga Serbisyo ng Kalusugan Ng Kaisipan Na Hindi Sakop Ng Plano Ng Kalusugan Ng Kaisipan?

Kung ikaw ay nagpalista sa pinamamahalaang plano ng pangangalaga, maaari kang makakuha ng mga sumusunod na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan sa pamamagitan ng iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga:

- Pagsusuri ng kalusugan na kaisipan at paggamot, kasama ang terapiya na pang-indibidwal, grupo, at pang-pamilya.
- Eksamen na psychological at neuropsychological, kapang tinutukoy na suriin ang kondisyon ng kalusugan ng kaisipan.
- Mga serbisyo na outpatient para sa pagmonitor ng mga niresetang gamot.
- Psychiatric na pagkonsulta.

Para makuha ng mga serbisyo sa itaas, tawagan ang iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga. Kung wala ka sa pinamamahalaang plano ng pangangalaga, maaari din makuha itong mga serbisyo mula sa mga indibidwal na mga provider at mga klinika na tumatanggap ng Medi-Cal. Ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay maaaring makatulong na makahanap ng provider o klinika na maaaring makatulong sa iyo o makapagbigay ng ilang mga ideya kung paano makahanap ng provider o klinika.

Alinmang botika na tumatanggap ng Medi-cal ay maaaring punan ang mga reseta para gamutin ang isang kondisyon ng kalusugan ng kaisipan. Alalahanin na karamihan ng de-resetang gamot na galing sa botika, na tinatawag na Medi-Cal Rx, ay sakop ng programa ng Fee-For-Service Medi-Cal hindi nang pinamamahalaan na plano ng pangangalaga.

Anong Iba Pang Mga Serbisyo sa Karamdaman sa Paggamit ng Sangkap ang Makukuha mula sa Managed Care Plans o sa Medi-Cal na “Bayaran para sa Serbisyo” na Programa?

Ang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ay dapat magkaloob ng mga saklaw na serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng sangkap sa mga setting ng pangunahing pangangalaga at pagsusuri sa tabako, alkohol, at ilegal na droga. Dapat din nilang saklawin ang mga serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng sangkap para sa mga buntis na miyembro at pagsusuri sa paggamit ng alkohol at droga, pagtatasa, mga maikling interbensyon, at pag-refer sa naaangkop na setting ng paggamot para sa mga miyembrong edad 11 at mas matanda. Ang mga plano ng pinamamahalaang pangangalaga ay dapat magkaloob o mag-ayos ng mga serbisyo para sa Mga Gamot para sa Paggamot sa Pagkagumon (kilala rin bilang Paggamot na Tinulungan ng Gamot) na ibinibigay sa pangunahing pangangalaga, ospital ng inpatient, mga departamentong pang-emergency, at iba pang kinontratang mga medikal na setting. Ang mga plano ng pinamamahalaang pangangalaga ay dapat ding magbigay ng mga serbisyong pang-emerhensiya na kinakailangan upang patatagin ang miyembro, kabilang ang boluntaryong pag-detox ng inpatient.

Paano Ako Makakakuha ng Iba Pang Mga Serbisyo ng Medi-Cal (Pangunahing Pangangalaga/Medi-Cal)?

Kung ikaw ay nasa isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga, ang county ay may pananagutan sa paghahanap ng isang provider para sa iyo. Kung hindi ka kasali sa isang pinamamahalaan na plano ng pangangalaga ay mayroon kang “regular” na Medi-Cal, o ang tinatawag din na Fee-For-Service Medi-Cal, samakatwid maaari kang pumunta sa sinumang provider na tumatanggap ng Medi-Cal. Kailangan sabihin sa provider na mayroon kang Medi-Cal bagi makakuha ng mga serbisyo. Kung hindi man, maaari kang singilin para sa mga serbisyo.

Bakit Baka Mangailangan Ako Ng Serbisyo Ng Pang Ospital Na Psychiatric Na Serbisyo?

Maaari kang ma-admit sa isang ospital kung mayroon kang kundisyon sa kalusugang pangkaisipan o mga palatandaan ng isang kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip na hindi ligtas na gamutin sa mas mababang antas ng pangangalaga, at dahil sa kundisyon ng kalusugan ng isip o mga sintomas ng kundisyon ng kalusugan ng pag-iisip, ikaw ay:

- Nagpapakita ng isang kasalukuang panganib sa sarili o sa iba, o malaking pagsira ng ari-arian
- Hindi kayang pangalagaan ang iyong sarili gamit ang pagkain, damit, o tirahan.
- Nagpapakita ng malubhang panganib sa kalusugang pisikal
- Kamakailan lamang ay humina ang kakayahan sa mga tungkulin bilang resulta ng kondisyon ng kalusugan ng kaisipan.
- Kailangan ng psychiatric evaluation o pagsusuri, paggamot, o iba pang paggamot na makukuha lamang sa ospital.

PAGPILI NG PROVIDER

Paano Ako Makakahanap Ng Provider Para Sa Espesyal Ng Serbisyo Ng Kalusugan Ng Kaisipan Na Aking Kailangan?

Ang iyong plano ng kalusugan ng kaisipan ay kinakailangan para mag paskil ng kasalukuyang provider sa online na directory. Maaari mong mahanap ang link ng direktoryo ng provider sa seksyon ng County Contact ng handbook na ito. Ang direktoryo ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa kung saan matatagpuan ang mga provider, ang mga serbisyong ibinibigay nila, at iba pang impormasyon upang matulungan kang ma-access ang pangangalaga, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga serbisyong pangkultura at wika na makukuha mula sa mga provider.

Kung may mga tanong tungkol sa mga kasalukuyang mga provider o nais ng mas bagong direktoryo, bisitahin ang website ng iyong county o gamitin ang numero ng telepono na matatagpuan sa pabalat ng handbook na ito. Maaari kang makakuha ng listahan ng mga provider sa pamamagitan ng pagsulat o sa pamamagitan ng koreo kung hihilingin mo ito.

Tandaan: Maaaring maglagay ng ilang limitasyon ang county sa iyong pagpili ng mga provider. Kapag una kang nagsimulang makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, maaari kang humiling na ang iyong county ay magbigay sa iyo ng isang paunang pagpipilian ng hindi bababa sa dalawang mga provider. Dapat pahintulutan ka ng iyong plano ng kalusugan ng kaisipan na magpalit ng providers. Kung iyong hihilinging na magpalit ng provider, ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay dapat pahintulutan ka na mamili sa hindi kukulang sa dalawang provider kung maaari. Ang iyong county ay may pananagutan sa pagtiyak para matiyak ang napapanahon na pangangalaga at nang mayroong sapat na mga provider para makaseguro na iyong makukuha ang serbisyo ng paggamot ng kalusugan ng saklaw na pag-uugali kung ito ay kakailanganin

Minsan pinipili ng mga nakakontratang provider ng county na hindi na magbigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali dahil maaaring hindi na sila makipagkontrata sa county, o hindi na tumanggap ng Medi-Cal. Kapag nangyari ito, ang county ay dapat gumawa ng magandang loob na pagsisikap na magbigay ng nakasulat na paunawa sa bawat tao na nakakatanggap ng mga serbisyo mula sa provider. Kinakailangan kang makakuha ng paunawa 30 araw sa kalendaryo bago ang petsa ng bisa ng pagwawakas o 15 araw sa kalendaryo pagkatapos malaman ng county na hihinto sa pagtatrabaho ang provider. Pag nangyari ito, dapat payagan ng plano ng kalusugan ng kaisipan ang patuloy na pagtanggap ng serbisyo mula sa provider na umalis sa plano ng kalusugan ng kaisipan, kung ikaw at ang provider ay sumangayon. Ito ang tinatawag na “patuloy na pangangalaga” at ipinapaliwanag sa ibaba-

Tandaan: Ang mga indibidwal na American Indian at Alaska Native na karapat-dapat para sa Medi-Cal at naninirahan sa mga county na nag-opt in sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System, ay maaari ding tumanggap ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa pamamagitan ng Indian Health Care Provider na mayroong kinakailangang Sertipikasyon ng Medi-Cal sa Gamot.

Maaari Ba Akong Magpatuloy Na Tumanggap Ng Mga Serbisyo Mula Sa Aking Kasalukuyang Provider?

Kung ikaw ay nakakatanggap ng mga serbisyo ng kalusugan ng kaisipan mula sa pinamamahalaan na plano ng pangangalaga, maaari kang magpatuloy na tumanggap ng serbisyo ng kalusugan ng kaisipan mula sa iyong provider na galing sa plano ng kalusugan ng kaisipan, basta ang mga serbisyo ay koordinado ng mga provider at ng serbisyo ay hindi magkatulad.

Karagdagan pa dito, kung tumatanggap ka ng espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan mula sa plano ng kalusugan ng kaisipan, pinamamahalaan na plano ng pangangalaga, o indibidwal na provider ng Medi-Cal, maaari kang humiling “patuloy na pangangalaga,” para manatili sa kasalukuyang provider hanggang sa 12 na buwan. Maari din humiling ng patuloy na pangangalaga kung kailangan manatili sa iyong

kasalukuyang provider para sa patuloy na paggamot o dahil maaari itong mapasama ang yong kalusugan ng kaisipan kung magpapalit ng bagong provider. Ang hiling sa patuloy na pangangalaga ay maaaring ipagkaloob kung ang mga sumusunod ay totoo:

- May patuloy na pakikipagugnayan sa provider na iyong hinihiling at nagpatingin sa provider sa loob ng 12 na buwan;
- Kailangan mong manatili sa iyong kasalukuyang tagapagkaloob upang ipagpatuloy ang patuloy na paggamot upang maiwasan ang malubhang pinsala sa kalusugan ng miyembro o mabawasan ang panganib ng pagkakaospital o institusyonalisasyon.
- Kwalipikado at nakamit ng provider ang mga tagubilin ng Medi-Cal;
- Sang-ayon ang provider sa mga tagubilin sa pagkontrata ng plano ng kalusugan ng kaisipan at pagbayad sa mga serbisyo; at
- Ipinapamahagi ng provider ang mga dokumentasyon sa plano ng kalusugan ng kaisipan tungkol sa iyong pangangailangan ng serbisyo.

Maaari ba akong Magpatuloy na Makatanggap ng Mga Serbisyo para sa Karamdaman sa Paggamit ng Sangkap Mula sa Aking Kasalukuyang Provider?

Maaari kang humiling na panatilihin ang iyong provider na wala sa network sa loob ng isang yugto ng panahon kung:

- Mayroon kang patuloy na kaugnayan sa provider na iyong hinihiling at nakita mo ang provider na iyon bago ang petsa ng iyong paglipat sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county.
- Kailangan mong manatili sa iyong kasalukuyang provider upang ipagpatuloy ang patuloy na paggamot upang maiwasan ang malubhang pinsala sa kalusugan ng miyembro o mabawasan ang panganib ng pagkakaospital o institusyonalisasyon.

**ANG IYONG KARAPATAN PARA SA PAG-ACCESS SA MGA MEDICAL RECORDS
AT IMPORMASYON NG PAGGAMIT NG DIREKTORYO PROVIDER SMART NA
MGA DEVICE**

Maaari mong i-access ang iyong mga talaan ng kalusugan ng pag-uugali at/o maghanap ng provider gamit ang isang application na na-download sa isang computer, smart tablet, o mobile device. Ang impormasyong dapat pag-isipan bago pumili ng aplikasyon para makakuha ng impormasyon sa ganitong paraan ay makikita sa website ng iyong county na nakalista sa seksyon ng County Contact ng handbook na ito.

SAKLAW NG MGA SERBISYO

Kung iyong nakamit ang batayan sa pag-access ng espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan, ang mga sumusunod na serbisyo ay nakahanda base sa iyong pangangailangan. Ang iyong provider ay makikipagtrabaho sa iyo para magdesisyon sa aling serbisyo ang pinakamabuti para sa iyo.

Espesyal Na Serbisyo ng Kalusugan ng Kaisipan

Serbisyo ng Kalusugan ng Kaisipan

- Mga serbisyo ng kalusugan ng kaisipan ay na sa indibidwal, pang grupo, o serbisyo na base sa pamilya na nakakatulong sa mga tao na may kondisyon ng kalusugan ng kaisipan para mapahusay ang kaalaman sa pakikitungo sa pang arawaraw na buhay. Itong mga serbisyo ay sinasama din ang trabaho ng provider na nakakatulong sa mas mahusay na serbisyo na tumatanggap ng serbisyo. Itong mga uri ng bagay ay ang mga: pagsusuri para makita kung kailangan ng serbisyo at kung tumatalab ang serbisyo; plano ng paggamot sa pagpasya ng mga layunin ng iyong paggamot ng kalusugan ng kaisipan at ang partikolar na serbisyo na naibibigay; at ang “kolateral,” ibig saihin ay ang pakikipagugnayan sa mga pamilya at mga importanteng tao sa iyong buhay (kung iyong papayagan) para mapabuti ang o mapanatili ang iyong kakayahan sa mga pang arawaraw na pamumuhay.
- Maaaring ibigay ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa isang klinika o opisina ng provider, sa iyong tahanan o iba pang setting ng komunidad, sa telepono, o sa pamamagitan ng telehealth (na kinabibilangan ng parehong audio-only at mga pakikipag-ugnayan sa video). Ang county at provider ay makikipagtulungan sa iyo upang matukoy ang dalas ng iyong mga serbisyo/appointment.

Serbisyo Ng Pagsuporta Para Sa Mga Gamot

- Itong mga serbisyo ang mga pagreseta, pangangasiwa, pagbigay, at pagmonitor ng mga gamot na psychiatric. Ang iyong provider ay maaari ding

magbigay ng edukasyon sa gamot. Ang mga serbisyong ito ay maaaring ibigay sa isang klinika, sa opisina ng doktor, sa iyong tahanan, sa isang komunidad, sa telepono o telehealth (na kasama ang audio o video na iterakasyon).

Tinatarget Na Pamamahala Ng Kaso

- Ang serbisyong ito ay tumutulong sa mga miyembro na makakuha ng medikal, pang-edukasyon, panlipunan, prevocational, bokasyonal, rehabilitative, o iba pang mga serbisyong pangkomunidad kapag ang mga serbisyong ito ay maaaring mahirap para sa mga taong may kundisyon sa kalusugan ng isip na kunin nang mag-isa. Kasama sa tinatarget ng pamamahala ng kaso, ngunit hindi limitado:
 - Ang pagbuo ng plano;
 - Komunikasyon, pakikipag-ugnayan, at reperal;
 - Pag-monitor ng paghatid ng serbisyo para matiyak ang pag-access ng tao sa serbisyo at sistema ng paghatid ng serbisyo
 - At pagmonitor ng pagunland ng tao

Serbisyo Ng Interbensyon Sa Krisis

- Itong serbisyo ay nakahanda para matugunan ang emerhensiyang kondisyon na kinakailangan ng agad-agad na atensyon. Ang layunin ng interbensyon sa krisis ay tulungan ang mga tao sa komunidad upang hindi na nila kailangang pumunta sa ospital. Maaaring tumagal ng walong oras ang isang interbensyon ng krisis at maaaring ibigay ng isang klinika o opisina ng provider, o sa iyong tahanan o iba pang lugar sa komunidad. Ang mga serbisyong ito ay maaari ding gawin sa telepono o sa pamamagitan ng telehealth.

Serbisyo ng Pagpatatag Habang Na Sa Krisis

- Itong serbisyo ay nakahanda para matugunan ang emerhensiyang kondisyon na kinakailangang ng agadagad na atensyon. Ang pagpatatag sa krisis ay tumatagal ng kulang kulang sa 24 oras at dapat ibigay sa isang lisensyadong pasilidad na bukas 24 oras, at sa isang programa sa ospital na outpatient, o sa isang sityo ng sertipikadong provider na magbibigay ng serbisyo para maging

matatag habang may krisis.

Serbisyo ng Paggamot Ng Adulto Na Pang Residensya

- Itong serbisyo ay nagbibigay ng paggamot ng kalusugan ng kaisipan sa mga may kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip na naninirahan sa mga lisensyadong pasilidad ng tirahan. Tumutulong sila sa pagbuo ng mga kasanayan para sa mga tao at nagbibigay ng mga serbisyo sa paggamot sa tirahan para sa mga taong may kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip. Matatanggap ang mga serbisyong ito ng 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang gastos sa kwarto at board para sa pananatili sa mga pasilidad na ito.

Serbisyo ng Paggamot sa Krisis na Pang Residensiya

- Itong serbisyo ay nagbibigay ng paggamot sa kalusugan ng kaisipan at bumubuo ng kaalaman para sa mga taong mayroong seryosong krisis. Ito ay hindi para sa mga taong nangangailangan ng psychiatric na pangangalaga sa isang ospital. Available ang mga serbisyo sa mga lisensyadong pasilidad sa loob ng 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang gastos sa kwarto at board para sa mga pasilidad na ito.

Arawan Na Intensibong Serbisyo Ng Paggamot

- Ito ay isang program na may estruktura ng paggamot ng kalusugan ng kaisipan na binibigay sa isang grupo na malamang kailangan ma-ospital o sa isang pasilidad na bukas 24 oras. Itong programa ay tumatagal ng tatlong oras bawat araw. Kabilang dito ang therapy, psychotherapy at mga aktibidad sa pagbuo ng kasanayan.

Rehabilitasyon Na Pang Arawan

- Ang programang ito ay nilalayong tulungan ang mga taong may kundisyon sa kalusugan ng isip na matuto at bumuo ng mga kakayahan sa pagharap at buhay

upang mas mahusay na pamahalaan ang kanilang mga sintomas. Ang programang ito ay tumatagal ng hindi bababa sa tatlong oras bawat araw. Kabilang dito ang therapy at mga aktibidad sa pagbuo ng kasanayan.

Mga Psychiatric Na Serbisyong Inpatient Sa Hospital

- Itong mga serbisyo ay binibigay ng isang lisensyadong psychiatric na ospital. Ang isang lisensyadong propesyonal sa kalusugan ng isip ay magpapasya kung ang isang tao ay nangangailangan ng masinsinang paggamot sa buong panahon para sa kanilang kalagayan sa kalusugan ng isip. Kung ang propesyonal ay nagpasya na ang miyembro ay nangangailangan ng buong-panahong paggamot, ang miyembro ay dapat manatili sa ospital 24 na oras sa isang araw.

Serbisyo sa Psychiatric na Pasilidad Para sa Kalusugan ng Kaisipan

- Ang mga serbisyong ito ay inaalok sa isang lisensiyadong pasilidad ng psychiatric na kalusugan na nagdadalubhasa sa 24 na oras na rehabilitative na paggamot ng mga seryosong kundisyon sa kalusugan ng isip. Ang mga pasilidad ng kalusugan na pang psychiatric ay mayroong kasunduan sa mga kalapit na ospital o klinika para makamit ang mga pangangalaga ng kalusugang pisikal ng mga tao sa pasilidad. Ang mga Psychiatric na pasilidad ng kalusugan ay maaari lamang tumanggap at gamutin ang mga tao na walang pisikal na karamdaman o pananakit na mangangailangan ng paggamot higit pa sa karaniwan na maaaring gamutin sa base na outpatient..

Terapyutikong Mga Serbisyo Ng Pag-uugali

Mga Serbisyo ng Terapyutiko Sa Pag-uugali ay intensibo, indibidwal, at panandaliang interbensyon na paggamot na outpatient para sa mga benepisiyaryo na may edad hanggang 21 a taon. Ang mga serbisyong ito ay partikular na idinisenyo para sa bawat miyembro. Ang mga miyembrong tumatanggap ng mga serbisyong ito ay may malubhang emosyonal na pagkabagabag, nakakaranas ng mabigat na pagbabago o krisis sa buhay, at nangangailangan ng karagdagang panandalian, partikular na mga serbisyo ng suporta.

Ang mga serbisyong ito ay isang uri ng espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na makukuha sa pamamagitan ng county kung mayroon kang malubhang emosyonal na mga problema. Terapyutikong Serbisyo ng Paguugali, dapat makatanggap ng serbisyo ng kalusugan ng kaisipan, mas bata sa edad na 21 na taon, ay may kumpletong pagsakop ng Medi-Cal.

- Kung ikaw ay nakatira sa bahay, ang isang tauhan ng Terapyutikong Serbisyo ng Paguugali ay maaaring magtrabaho ng mag-isa sa iyo para mabawasan ang mga malubhang mga problema ng paguugali para maiwasan ang pagpunta sa mas mataas na antas ng pangangalaga, tulad ng group home sa mga bata at mga batang tao na mas bata sa edad na 21 na taon na may seryosong problema ng emosyon.
- Kung ikaw ay nakatira sa isang out-of-home placement, ang isang kawani ng Therapeutic Behavioral Services ay maaaring makipagtulungan sa iyo upang maaari kang lumipat sa bahay o sa isang family-based na setting, tulad ng isang foster home.

Terapyutikong Serbisyo ng Paguugali ay makakatulong sa iyo at sa iyong pamilya, tagapag-alaga para matuto ng mga bagong paraan ng pagtugon sa problema ng paguugali at mga paraan sa pagdagdag ng mga uri ng mga paguugali na magpapahintulot sa iyo na maging matagumpay. Ikaw, ang tauhan ng Terapyutikong Serbisyo ng Paguugali at ang iyong pamilya, mga tagapag-alaga ay samasamang magtatrabaho para tugunan ang mga problema ng paguugali para sa maikling panahon hanggang hindi mo na na kailangan ang Terapyutikong Serbisyo ng Paguugali. Magkakaroon ka ng plano ng Therapeutic Behavioral Services na magsasabi kung ano ang gagawin mo, ng iyong pamilya, tagapag-alaga, o katiwala, at ng kawani ng Therapeutic Behavioral Services habang tinatanggap ang mga serbisyong ito. Kasama rin sa plano ng Therapeutic Behavioral Services kung kailan at saan magaganap ang mga serbisyo. Ang tauhan ng Terapyutikong Serbisyo ng Paguugali ay tutulong sa iyo sa karamihan ng mga aspeto kung saan kailangan mo ng tulong sa iyong problema ng paguugali. Kasama dito ang iyong tahanan, foster home, group home, eskwela, progama ng arawang paggamot, at iba pang mga lugar ng komunidad.

Koordinasyon Ng Intensibong Pangangalaga

Ito ay isang pinamamahalaang target na kaso na nagaayos ng pagsusuri ng plano ng pangangalaga, at koordinasyon ng mga serbisyo sa mga benepisiyaryo na bata sa edad na 21. Ang serbisyong ito ay para sa mga kwalipikado para sa buong saklaw ng mga serbisyo ng Medi-Cal at na-refer sa serbisyo batay sa medikal na pangangailangan. Ang serbisyong ito ay ibinibigay sa pamamagitan ng mga prinsipyo ng Integrated Core Practice Model. Kabilang dito ang pagtatatag ng Team ng Bata at Pamilya o Child and Family Team upang makatulong na matiyak na mayroong isang malusog na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng isang bata, kanilang pamilya, at mga kasangkot na sistema ng paglilingkod sa bata.

Kabilang sa Team ng Bata at Pamilya o Child and Family Team ang propesyonal na suporta (halimbawa: care coordinator, provider, at case manager mula sa child-serving agencies), natural na suporta (halimbawa: mga miyembro ng pamilya, kapitbahay, kaibigan, at ang kaparian), at iba pang mga taong nagtutulungan. upang gawin at isakatuparan ang plano ng kliyente. Sinusuportahan at tinitiyak ng pangkat na ito na maabot ng mga bata at pamilya ang kanilang mga layunin.

Ang serbisyong ito ay mayroon ding coordinator na:

- Tinitiyak na ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay naa-access, pinag-uugnay, at inihahatid sa isang nakabatay sa kalakasan, pagiging indibidwal, hinihimok ng kliyente, ayon sa kultura at wikang naaangkop na paraan.
- Tinitiyak na ang mga serbisyo at suporta ay batay sa mga pangangailangan ng bata.
- Gumagawa ng paraan para magtulungan ang lahat para sa bata, pamilya, provider, atbp.
- Sinusuportahan ang magulang/tagapag-alaga sa pagtulong na matugunan ang mga pangangailangan ng bata
- Tumutulong sa pagtatatag ng Child and Family Team at nagbibigay ng patuloy na

suporta.

- Sinisigurado na ang bata ay inaalagaan ng ibang mga sistema ng paglilingkod sa bata kapag kinakailangan.

Intensibong Serbisyo Na Pambahay

- Ang mga serbisyong ito ay partikular na idinisenyo para sa bawat miyembro. Kabilang dito ang mga interbensyon na nakabatay sa kalakasan upang mapabuti ang mga kundisyon ng kalusugan ng pag-iisip na maaaring makagambala sa paggana ng bata/kabataan. Ang mga serbisyong ito ay naglalayong tulungan ang bata/kabataan na bumuo ng mga kinakailangang kasanayan upang gumana nang mas mahusay sa tahanan at sa komunidad at pagbutihin ang kakayahan ng kanilang pamilya na tulungan silang gawin ito.
- Intensibong Serbisyo na Pambahay ay ibinibigay ng Integrated Core Practice Model by the Pangkat ng Bata At Pamilya na kasama sa pakikipagugnayan ng plano ng serbisyo ng pamilya. Ginagamit nito ang pangkalahatang plano ng serbisyo ng pamilya. Ang mga serbisyong ito ay ibinibigay sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang na karapat-dapat para sa buong saklaw na mga serbisyo ng Medi-Cal. Ang isang referral batay sa medikal na pangangailangan ay kailangan upang matanggap ang mga serbisyong ito.

Therapeutic Foster Care

- Ang modelo ng serbisyo ng Therapeutic Foster Care ay nagbibigay ng panandalian, masidhi, at trauma-informed specialty mental health services o mga serbisyong may kamalayan-sa-trauma na mga espesyalidad sa kalusugang pangkaisipan, para sa mga bata hanggang sa edad na 21 na may kumplikadong emosyonal at asal na mga pangangailangan. Ang mga serbisyong ito ay partikular na idinisenyo para sa bawat miyembro. Sa Therapeutic Foster Care, ang mga bata ay inilalagay sa mga magulang ng foster care na maalam, may superbisyon, at may suporta.

Muling Pagpapanumbalik na Kasangkot sa Hustisya

- Pagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan sa mga miyembrong nasasangkot sa hustisya hanggang 90 araw bago ang kanilang pagpapalaya sa pagkakakulong. Kasama sa mga uri ng mga serbisyong magagamit ang muling pagpapanumbalik sa kaso ng pamamahala, mga serbisyo sa klinikal na konsultasyon sa kalusugan ng pag-uugali, mga suporta sa kasamahan, pagpapayo sa kalusugan ng pag-uugali, therapy, edukasyon sa pasyente, mga serbisyo ng gamot, pagpapalano pagkatapos ng pagpapalaya at paglabas, mga serbisyo sa laboratoryo at radiology, impormasyon ng gamot, mga serbisyo ng suporta, at tulong upang magpatala sa naaangkop na tagapagbigay ng serbisyo, halimbawa isang Programa sa Paggamot ng Narkotiko upang magpatuloy sa Paggamot na Tinulungan ng Gamot kapag nakalaya. Upang makatanggap ng mga serbisyong ito, ang mga indibidwal ay dapat na isang miyembro ng Medi-Cal o CHIP, at:
 - Kung wala pang 21 taong gulang ay nakakulong sa isang Youth Correctional Facility.
 - Kung nasa hustong gulang, nasa kustodiya at natutugunan ang isa sa mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan ng programa.
- Makipag-ugnayan sa iyong county gamit ang numero ng telepono sa pabalat ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon sa serbisyong ito.

Medi-Cal Peer Support o Suporta sa Kasamahan ng Medi-Cal Serbisyo (depende sa county)

- Ang Medi-Cal Peer Support Services ay nagtataguyod ng pagbawi, katatagan, pakikipag-ugnayan, pakikisalamuha, pagsasarili, pagtataguyod sa sarili, pagbuo ng mga natural na suporta, at pagkilala sa mga lakas sa pamamagitan ng mga nakabalangkas na aktibidad. Itong mga serbisyo ay maaaring ibigay sa iyo o sa tinalagang tagasuporta at maaaring tanggapin sa parehong oras na tumatanggap ka ng ibang ga Espesyal Na Serbisyo Ng Kalusugan Ng Kaisipan. Ang Espesyalista sa Mga Serbisyo na Suporta sa Kasamahan ng Medi-Cal o The Peer Support Specialist in Medi-Cal Peer Support Services ay isang indibidwal na

mayroong personal na karanasan sa kalusugan ng kaisipan o mga kondisyon ng paggamit ng substance at na sa recovery o pagpapagaling na nakatapos ng tagubilin ng programa para sa sertipikasyon na inaprubahan ng Estado, na isang tao na sertipikado ng mga county, at nagbibigay nitong mga serbisyo sa ilalim ng direksyon ng isang Propesyonal sa Kalusugan ng Paguugali na lisensyado, pinatawad, o rehistrado sa Estado ng California.

- Medi-Cal Kasama sa Serbisyo ng Peer Support ang indibidwal at grupo na pag-coach, pagbuo ng kaalaman, paghanap ng pagkukunan, serbisyo ng pakikilahok para mahikayat ka na sumali sa mga paggamot ng kalusugan ng kaisipan, at mga aktibidad ng terapiya tulad na pagtaguyod ng pang sariling adbokasiya.
- Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging karapat-dapat para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostic, at Paggamot saanman sila nakatira.
- Ang pagbibigay ng Medi-Cal Peer Support Services ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyong “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung ang iyong county ay nagbibigay ng serbisyong ito.

Mobile na Serbisyo Para sa Krisis

- Available ang Mobile Crisis Services kung nagkakaroon ka ng mental health crisis o krisis sa kalusugan ng pag-iisip.
- Ang mga Serbisyo sa Mobile Crisis ay ibinibigay ng mga provider ng kalusugan sa lokasyon kung saan ka nakakaranas ng krisis, kabilang ang sa iyong tahanan, trabaho, paaralan, o iba pang mga lokasyon ng komunidad, hindi kasama ang isang ospital o iba pang setting ng pasilidad. Ang Mobile Crisis Services ay available 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, at 365 araw sa isang taon.
- Mga mobile na serbisyo ng krisis ay ang mga mabilis na pagtugon, indibidwal na pagsusuri, pagpapatatag na base sa komunidad. Kung kailangan mo ng karagdagang pangangalaga, ang mga mobile crisis provider ay magbibigay din ng mainit na handoffs o referral sa ibang mga serbisyo.

Mga Serbisyo sa Karamdaman sa Paggamit ng Sangkap

Ano ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County Services o Sistema sa mga Serbisyo ng County sa Organisadong Paghahatid ng Medi-Cal na Gamot ?

Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county services ay para sa mga taong may kundisyon sa paggamit ng sangkap, ibig sabihin ay maaari silang may maling paggamit ng alak o iba pang mga gamot, o mga taong maaaring nasa panganib na magkaroon ng kundisyon sa paggamit ng sangkap na maaaring hindi maggamot ng isang pediatrician o general practitioner. Kasama rin sa mga serbisyong ito ang gawaing ginagawa ng provider upang makatulong na gawing mas mahusay ang mga serbisyo para sa taong tumatanggap ng pangangalaga. Kasama sa mga ganitong uri ng mga bagay ang mga pagtatasa upang makita kung kailangan mo ang serbisyo at kung gumagana ang serbisyo.

Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System services ay maaaring ibigay sa isang klinika o opisina ng provider, o sa iyong tahanan o iba pang setting ng komunidad, sa telepono, o sa pamamagitan ng telehealth (na kinabibilangan ng parehong audio-only at video na mga pakikipag-ugnayan). Ang county at provider ay makikipagtulungan sa iyo upang matukoy ang dalas ng iyong mga serbisyo/appointment.

American Society of Addiction Medicine (ASAM)

Ang ilan sa mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System na maaari mong matanggap ay batay sa mga pamantayan ng American Society of Addiction Medicine. Gagamitin ng county o provider ang tool o kasangkapan ng American Society of Addiction Medicine upang mahanap ang tamang uri ng mga serbisyo para sa iyo – kung kinakailangan. Ang mga uri ng serbisyong ito ay inilarawan bilang “mga antas ng pangangalaga,” at tinutukoy sa ibaba.

Pag-screen, Pagtatasa, Maikling Pamamagitan o Pamamagitan, at Referral sa Paggamot (American Society of Addiction Medicine Level 0.5)

Ang Pagsusuri sa Alkohol at Gamot, Pagtatasa, Maikling Pamamagitan o Interbensyon, at Referral sa Paggamot (SABIRT) ay hindi benepisyong ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ito ay isang benepisyong sa Medi-Cal Fee-for-Service at Medi-Cal managed care delivery system para sa mga miyembrong may edad na 11 taong gulang at mas matanda. Ang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ay dapat magkaloob ng mga saklaw na serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng sangkap, kabilang ang serbisyong ito para sa mga miyembrong may edad na 11 taong gulang at mas matanda.

Serbisyo ng Maagang Interbensyon o Pamamagitan

Ang mga serbisyo ng maagang interbensyon ay isang saklaw na serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang. Ang sinumang miyembro na wala pang 21 taong gulang na na-screen at natukoy na nasa panganib na magkaroon ng substance use disorder o karamdaman sa paggamit ng sangkap, ay maaaring makatanggap ng anumang serbisyong saklaw sa ilalim ng outpatient na antas ng serbisyo bilang mga serbisyo ng maagang interbensyon. Hindi kinakailangan ang diagnosis ng karamdaman sa paggamit ng sangkap para sa mga serbisyo ng maagang interbensyon para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang.

Maagang Pana-panahong Pag-screen, Diagnosis, at Paggagamot

Maaaring makuha ng mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ang mga serbisyong inilarawan sa unahan ng handbook na ito pati na rin karagdagang serbisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng benepisyong na tinatawag na Maaga at Paminsanminsang, Diagnostiko, at Paggamot.

Upang makakuha ng mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Diagnostic, at Paggagamot, ang isang miyembro ay dapat wala pang 21 taong gulang at may buong saklaw na Medi-Cal. Sinasaklaw ng benepisyong ito ang mga serbisyong medikal na kinakailangan upang iwasto o tulungan ang mga kondisyon ng kalusugang pisikal at asal. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o

gumagawa ng isang kundisyon na mas matitiis ay itinuturing na makakatulong sa kundisyon at sinasaklaw bilang Maaga at Paminsanminsang, Diagnostiko, at Paggagamot mga serbisyo. Ang pamantayan sa pag-access para sa mga miyembrong wala pang 21 ay iba at mas naibabagay sa mga pangyayari, kaysa sa pamantayan sa pag-access para sa mga nasa hustong gulang na uma-access sa mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organised Delivery System, upang matugunan ang Maaga at Pana-panahong Pag-screen,-Diagnostic, at Paggagamot na kinakailangan at ang layunin para sa pag-iwas at maagang interbensyon ng mga kundisyon ng karamdaman sa paggamit ng sangkap.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga serbisyonang ito, mangyaring tawagan ang iyong county o bumisita sa [DHCS Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment webpage](#).

Mga Serbisyo sa Paggagamot sa Outpatient (American Society of Addiction Medicine Level 1)

- Ang mga serbisyo ng pagpapayo ay ibinibigay sa mga miyembro hanggang siyam na oras sa isang linggo para sa mga nasa hustong gulang at wala pang anim na oras sa isang linggo para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang kapag medikal na kinakailangan. Maaari kang makakuha ng mas maraming oras batay sa iyong mga pangangailangan. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay ng isang taong may lisensya, tulad ng isang tagapayo, nang personal, sa pamamagitan ng telepono, o ng telehealth.
- Kasama sa mga Serbisyo sa Outpatient ang pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, pagpapayo (indibidwal at grupo), therapy ng pamilya, mga serbisyo ng gamot, Mga Gamot para sa Paggagamot sa Pagkagumon para sa sakit sa paggamit ng opioid, Mga Gamot para sa Paggagamot sa Pagkagumon para sa karamdaman sa paggamit ng alkohol at iba pang mga karamdaman sa paggamit ng non-opioid na sangkap, edukasyon sa pasyente, mga serbisyo sa pagbawi, at mga serbisyo ng interbensyon sa krisis sa karamdaman sa paggamit ng sangkap.

Mga Serbisyo ng Intensive na Outpatient (American Society of Addiction Medicine Level 2.1)

- Ang Intensive Outpatient Services ay ibinibigay sa mga miyembro ng minimum na siyam na oras na may maximum na 19 na oras sa isang linggo para sa mga nasa hustong gulang, at isang minimum na anim na oras na may maximum na 19 na oras sa isang linggo para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang kapag medikal na kinakailangan. Maaaring lumampas sa maximum ang mga serbisyo batay sa indibidwal na pangangailangang medikal. Ang mga serbisyo ay kadalasang pagpapayo at edukasyon tungkol sa mga isyu na nauugnay sa pagkagumon. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay ng isang lisensyadong propesyonal o isang sertipikadong tagapayo sa isang structured na setting. Ang mga Serbisyo ng Intensive Outpatient na Paggagamot ay maaaring ibigay nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono.
- Kasama sa Intensive Outpatient Services ang parehong mga bagay gaya ng Outpatient Services. Higit pang mga oras ng serbisyo ang pangunahing pagkakaiba.

Limitadong Pag-kakaospital (nag-iiba ayon sa county) (American Society of Addiction Medicine Level 2.5)

- Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay maaaring makakuha ng serbisyong ito sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagtatasa, Diagnostic, at Paggagamot anuman ang county kung saan sila nakatira.
- Kasama sa mga serbisyo ng Limitadong Pag-kakaospital ang 20 o higit pang oras ng mga serbisyo bawat linggo, kung medikal na kinakailangan. Ang mga limitadong programa sa pag-kakaospital ay may direktang access sa mga serbisyo ng psychiatric, medikal, at laboratoryo at nakakatugon sa mga natukoy na pangangailangan na nangangailangan ng pang-araw-araw na pagsubaybay o pamamahala ngunit maaaring matugunan nang naaangkop sa isang klinika. Maaaring ibigay ang mga serbisyo nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono.

- Ang mga serbisyo ng Limitadong Pag-kakaospital ay katulad ng Intensive na Outpatient Services, na may pagtaas sa bilang ng mga oras at karagdagang access sa mga serbisyong medikal ang pangunahing pagkakaiba.

***Paggamot sa Residential o Paninirahan (napapailalim sa awtorisasyon ng county)
(American Society of Addiction Medicine Levels 3.1 – 4.0)***

- Ang Residential Treatment ay isang programa na nagbibigay ng mga serbisyo sa rehabilitasyon sa mga miyembrong may diagnosis ng karamdaman sa paggamit ng sangkap, kapag natukoy kung medikal na kinakailangan. Ang miyembro ay dapat manirahan sa ari-arian at susuportahan sa kanilang mga pagsisikap na baguhin, panatilihin, gamitin ang interpersonal at independiyenteng mga kasanayan sa pamumuhay sa pamamagitan ng pag-access sa mga sistema ng suporta sa komunidad. Karamihan sa mga serbisyo ay ibinibigay nang personal; gayunpaman, ang telehealth at telepono ay maaari ding gamitin upang magbigay ng mga serbisyo habang ang isang tao ay nasa residential treatment. Ang mga provider at residente ay nagtutulungan upang tukuyin ang mga hadlang, magtakda ng mga prayoridad, magtatag ng mga layunin, at lutasin ang mga problemang nauugnay sa karamdaman sa paggamit ng sangkap. Kasama sa mga layunin ang hindi paggamit ng mga sangkap, paghahanda para sa mga relapse trigger, pagpapabuti ng personal na kalusugan at mga kasanayang panlipunan, at pakikibahagi sa pangmatagalang pangangalaga.
- Ang mga serbisyo sa paninirahan ay nangangailangan ng paunang awtorisasyon ng county ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System.
- Kasama sa Mga Serbisyo sa Paninirahan ang paggamit at pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pagpapayo sa grupo, therapy sa pamilya, mga serbisyo ng gamot, Mga Gamot para sa Paggamot sa Pagkagumon para sa karamdaman sa paggamit ng opioid, Mga Gamot para sa Paggagamot sa Pagkagumon para sa karamdaman sa paggamit ng alkohol at iba pang mga karamdaman sa paggamit ng non-opioid na sangkap, edukasyon ng pasyente , mga serbisyo sa pagbawi, at mga serbisyo sa interbensyon sa krisis sa karamdaman sa paggamit ng sangkap.

- Ang mga provider ng Serbisyo sa Paninirahan ay kinakailangang mag-alok ng mga gamot para sa paggagamot sa pagkagumon nang direkta sa lugar o tulungan ang mga miyembro na makakuha ng mga gamot para sa paggagamot sa pagkagumon, sa labas ng site. Hindi natutugunan ng mga tagapagbigay ng Serbisyo sa Paninirahan ang kinakailangang ito sa pamamagitan lamang ng pagbibigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga provider ng Medications for Addiction Treatment. Ang mga provider ng Serbisyo sa Paninirahan ay inaatasan na mag-alok at magreseta ng mga gamot sa mga miyembrong sakop sa ilalim ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System.

Mga Serbisyo sa Paggamot na Inpatient (napapailalim sa awtorisasyon ng county) (nag-iiba ayon sa county) (American Society of Addiction Medicine Levels 3.1 – 4.0)

- Ang mga benepisyaryo sa ilalim ng edad na 21 ay maaaring maging karapat-dapat para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagtatasa, Diagnostic, at Paggagamot anuman ang kanilang county na tinitirhan.
- Ang mga serbisyo ng inpatient ay ibinibigay sa isang 24 na oras na setting na nagbibigay ng propesyonal na direksyon ng pagsusuri, pagmamasid, medikal na pagsubaybay, at paggagamot sa pagkagumon sa isang inpatient na setting. Karamihan sa mga serbisyo ay ibinibigay nang personal; gayunpaman, ang telehealth at telepono ay maaari ding gamitin upang magbigay ng mga serbisyo habang ang isang tao ay nasa inpatient na paggamot.
- Ang mga serbisyo ng inpatient ay lubos na organisado, at ang isang manggagamot ay malamang na available on-site 24 na oras araw-araw, kasama ang mga Rehistradong Nurse, mga tagapayo sa pagkagumon, at iba pang mga klinikal na kawani. Kasama sa mga Serbisyo sa Inpatient ang pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, pagpapayo, therapy ng pamilya, mga serbisyo ng gamot, Mga Gamot para sa Paggagamot sa Pagkagumon para sa karamdaman sa paggamit ng opioid, Mga Gamot para sa Paggagamot sa Pagkagumon para sa karamdaman sa paggamit ng Alcohol at iba pang mga non-opioid karamdaman sa paggamit ng sangkap, edukasyon sa pasyente, mga serbisyo sa pagbawi, at mga serbisyo ng interbensyon sa krisis sa karamdaman sa paggamit ng sangkap.

Programa sa Paggamot ng Narkotiko

- Ang Mga Programa sa Paggamot ng Narkotiko ay mga programa sa labas ng isang ospital na nagbibigay ng mga gamot upang gamutin ang mga sakit sa paggamit ng sangkap, kapag iniutos ng isang doktor kung kinakailangan. Ang Narcotic Treatment Programs ay kinakailangang magbigay ng mga gamot sa mga miyembro, kabilang ang methadone, buprenorphine, naloxone, at disulfiram.
- Ang isang miyembro ay dapat alukin, sa pinakamababa, 50 minuto ng mga sesyon ng pagpapayo bawat buwan sa kalendaryo. Ang mga serbisyong ito sa pagpapayo ay maaaring ibigay nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono. Kabilang sa Mga Serbisyo sa Paggamot ng Narkotiko ang pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, pagpapayo, therapy ng pamilya, medikal na psychotherapy, mga serbisyo ng gamot, pamamahala ng pangangalaga, Mga Gamot para sa Paggagamot sa Pagkagumon para sa karamdaman sa paggamit ng opioid, Mga Gamot para sa Paggagamot sa Pagkagumon para sa karamdaman sa paggamit ng alkohol at iba pang mga karamdaman sa paggamit ng non-opioid na sangkap, edukasyon sa pasyente, mga serbisyo sa pagbawi, at mga serbisyo sa interbensyon sa krisis sa karamdaman sa paggamit ng sangkap.

Pamamahala ng Withdrawal

- Ang mga serbisyo sa pamamahala ng withdrawal ay madalian at ibinibigay sa isang panandaliang batayan. Ang mga serbisyong ito ay maaaring ibigay bago magawa ang isang buong pagsusuri. Ang mga serbisyo sa pamamahala ng withdrawal ay maaaring ibigay sa isang outpatient, residential, o inpatient na setting.
- Anuman ang uri ng setting, ang miyembro ay dapat na subaybayan sa panahon ng proseso ng pamamahala ng withdrawal. Ang mga miyembrong tumatanggap ng withdrawal management sa isang residential o inpatient na setting ay dapat manirahan sa lokasyong iyon. Ang mga serbisyong medikal na kinakailangang habilitative at rehabilitative ay inireseta ng isang lisensyadong manggagamot o lisensyadong tagapagreseta.

- Kasama sa mga Serbisyo sa Pamamahala ng Pag-withdraw ang pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, mga serbisyo ng gamot, Mga Gamot para sa Paggagamot sa Pagkagumon para sa sakit sa paggamit ng opioid, Mga Gamot para sa Paggagamot sa Pagkagumon para sa karamdaman sa paggamit ng alkohol at iba pang mga karamdaman sa paggamit ng sangkap na hindi opioid, pagmamasid, at mga serbisyo sa pagbawi.

Mga Gamot para sa Paggagamot sa Adiksiyon o Pagkagumon

- Ang mga gamot para sa Mga Serbisyo sa Paggagamot sa Pagkagumon ay makukuha sa mga klinikal at hindi klinikal na mga setting. Kasama sa Mga Gamot para sa Paggagamot sa Pagkagumon ang lahat ng mga gamot na inaprubahan ng FDA at biological na produkto para gamutin ang karamdaman sa paggamit ng alak, karamdaman sa paggamit ng opioid, at anumang karamdaman sa paggamit ng sangkap. Ang mga miyembro ay may karapatang alukin ng Mga Gamot para sa Paggagamot sa Pagkagumon ng on-site o sa pamamagitan ng referral sa labas ng pasilidad. Kasama sa listahan ng mga inaprubahang gamot ang:
 - Acamprosate Calcium
 - Buprenorphine Hydrochloride
 - Buprenorphine Extended-Release Injectable o Pang-iniksiyon (Sublocade)
 - Buprenorphine/Naloxone Hydrochloride
 - Naloxone Hydrochloride
 - Naltrexone (oral)
 - Naltrexone Microsphere Injectable Suspension (Vivitrol)
 - Lofexidine Hydrochloride (Lucemyra)
 - Disulfiram (Antabuse)
 - Methadone (inihahatid sa pamamagitan ng Narcotic Treatment Programs)”
- Ang mga gamot para sa Paggagamot sa Pagkagumon ay maaaring ibigay kasama ng mga sumusunod na serbisyo: pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, pagpapayo sa indibidwal, pagpapayo sa grupo, therapy sa pamilya, mga serbisyo sa gamot, edukasyon sa pasyente, mga serbisyo sa pagbawi, mga serbisyo ng interbensyon sa krisis sa problema sa paggamit ng sangkap, at mga serbisyo sa

pamamahala ng withdrawal. Ang mga gamot para sa Paggagamot sa Pagkagumon ay maaaring ibigay bilang bahagi ng lahat ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System, kabilang ang Outpatient Treatment Services, Intensive Outpatient Services, at Residential Treatment, halimbawa.

- Maaaring ma-access ng mga miyembro ang Mga Gamot para sa Paggagamot sa Pagkagumon sa labas ng county ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Halimbawa, ang Mga Gamot para sa Paggagamot sa Pagkagumon, gaya ng buprenorphine, ay maaaring ireset sa ilang nagreset sa mga setting ng pangunahing pangangalaga na gumagana sa iyong plano ng pinamamahalaang pangangalaga at maaaring ibigay o ibigay sa isang parmasya.

Muling Panunumbalik na Kasangkot sa Hustisya

- Pagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan sa mga miyembrong nasasangkot sa hustisya hanggang 90 araw bago ang kanilang pagpapalaya sa pagkakakulong. Kasama sa mga uri ng mga serbisyong magagamit ang muling pagpasok sa kaso ng pamamahala, mga serbisyo sa klinikal na konsultasyon sa kalusugan ng pag-uugali, mga suporta sa kasamahan, pagpapayo sa kalusugan ng pag-uugali, therapy, edukasyon sa pasyente, mga serbisyo ng gamot, pagpapalano pagkatapos ng pagpapalaya at paglabas, mga serbisyo sa laboratoryo at radiology, impormasyon ng gamot, mga serbisyo ng suporta, at tulong upang magpatala sa naaangkop na tagapagbigay ng serbisyo, halimbawa isang Programa sa Paggagamot ng Narkotiko upang magpatuloy sa Paggagamot na Tinulungan ng Gamot kapag nakalaya. Upang makatanggap ng mga serbisyong ito, ang mga indibidwal ay dapat na isang miyembro ng Medi-Cal o CHIP, at:
 - Kung wala pang 21 taong gulang ay nakakulong sa isang Youth Correctional Facility.
 - Kung nasa hustong gulang, nasa kustodiya at natutugunan ang isa sa mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan ng programa.
- Makipag-ugnayan sa iyong county gamit ang numero ng telepono sa pabalat ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon sa serbisyong ito.

Medi-Cal Peer Support Services o Mga Serbisyo na Suporta sa Kasamahan ng Medi-Cal (nag-iiba-iba ayon sa county)

- Ang Medi-Cal Peer Support Services ay nagtataguyod ng pagbawi, katatagan, pakikipag-ugnayan, pakikisalamuha, pagsasarili, pagtataguyod sa sarili, pagbuo ng mga natural na suporta, at pagkilala sa mga kalakasan sa pamamagitan ng mga nakabalangkas na aktibidad. Ang mga serbisyong ito ay maaaring ibigay sa iyo o sa iyong itinalagang makabuluhang (mga) taong sumusuporta at maaaring matanggap kasabay ng pagtanggap mo ng iba pang mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ang Peer Support Specialist o ang Espesyalista sa Mga Serbisyo na Suporta sa Kasamahan sa Medi-Cal Peer Support Services ay isang indibidwal na nagkaroon ng karanasan sa kalusugan ng pag-uugali o mga kundisyon ng paggamit ng sangkap at nasa proseso ng paggaling, na nakakumpleto ng mga kinakailangan ng programa ng sertipikasyon na inaprubahan ng Estado ng isang county, na na-sertipikahan ng mga county, at isang nagbibigay ng mga serbisyong ito sa ilalim ng direksyon ng isang Behavioral Health Professional na lisensyado, na-waive, o nakarehistro sa Estado.
- Kasama sa Medi-Cal Peer Support Services ang indibidwal at pag-coach ng grupo, mga pangkat sa pagbuo ng kasanayang pang-edukasyon, pag-navigate sa mapagkukunan, mga serbisyo sa pakikipag-ugnayan upang hikayatin kang lumahok sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali, at mga aktibidad na panterapeutika tulad ng pagtataguyod ng self-advocacy.
- Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging karapat-dapat para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostic, at Paggamot saanman sila nakatira.
- Ang pagbibigay ng Medi-Cal Peer Support Services ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyong “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung ang iyong county ay nagbibigay ng serbisyong ito.

Mga Serbisyo sa Paggaling

- Ang Mga Serbisyo sa Paggaling ay maaaring maging mahalagang bahagi ng iyong paggaling at kagalingan. Makakatulong sa iyo ang mga serbisyo sa paggaling na makakonekta sa komunidad ng paggamot upang pamahalaan ang iyong kalusugan at pangangalagang pangkalusugan. Samakatuwid, binibigyang-diin ng serbisyonang ito ang iyong tungkulin sa pamamahala sa iyong kalusugan, paggamit ng epektibong mga pamamaraan sa suporta sa pamamahala sa sarili, at pag-aayos ng mga panloob at mapagkukunan ng komunidad upang magbigay ng patuloy na suporta sa pamamahala sa sarili.
- Maaari kang makatanggap ng Mga Serbisyo sa Paggaling batay sa iyong pagtatasa sa sarili o sa pagtatasa ng iyong provider ng panganib ng pagbabalik sa dating katayuan. Maaari ka ring makatanggap ng Mga Serbisyo sa Paggaling nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono.
- Kasama sa Mga Serbisyo sa Paggaling ang pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, pagpapayo sa indibidwal, pagpapayo ng grupo, therapy sa pamilya, pagsubaybay sa pagbawi, at mga bahagi ng pag-iwas sa pagbabalik sa dating katayuan.

Koordinasyon ng Pangangalaga

- Ang Mga Serbisyo sa Koordinasyon ng Pangangalaga ay binubuo ng mga aktibidad upang magbigay ng koordinasyon ng pangangalaga sa sakit sa paggamit ng sangkap, pangangalaga sa kalusugan ng isip, at pangangalagang medikal, at upang magbigay ng mga koneksyon sa mga serbisyo at suporta para sa iyong kalusugan. Ang Koordinasyon ng Pangangalaga ay ibinibigay kasama ng lahat ng mga serbisyo at maaaring mangyari sa mga klinikal o hindi klinikal na mga setting, kabilang sa iyong komunidad.
- Kasama sa Mga Serbisyo sa Koordinasyon ng Pangangalaga ang pakikipag-ugnayan sa mga provider ng medikal at pangkaisipang kalusugan upang subaybayan at suportahan ang mga kundisyon ng kalusugan, pagpapalano ng paglabas, at pakikipag-ugnayan sa mga pantulong na serbisyo kabilang ang pagkonekta sa iyo sa mga serbisyonang nakabatay sa komunidad tulad ng pangangalaga sa bata, transportasyon, at pabahay.

Pamamahala ng Contingency o Insidente (nag-iiba ayon sa county)

- Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging karapat-dapat para sa serbisyo sa ilalim ng Early and Periodic na Pag-screen, Diagnostic, at Paggagamot, anuman ang kanilang county na tinitirhan.
- Ang pagbibigay ng Contingency Management Services ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyong “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung ang iyong county ay nagbibigay ng serbisyo ito.
- Ang Contingency Management Services ay isang naka-batay sa ebidensiya na paggagamot para sa stimulant use disorder o karamdaman sa paggamit ng stimulant, kung saan ang mga karapat-dapat na miyembro ay lalahok sa isang nakabalangkas na 24 na linggong outpatient na Contingency Management na serbisyo, na susundan ng anim o higit pang buwan ng karagdagang paggamot at mga serbisyo sa suporta sa pagbawi nang walang mga insentibo.
- Kasama sa paunang 12 linggo ng mga serbisyo ng Contingency Management ang isang serye ng mga insentibo para matugunan ang mga layunin sa paggamot, partikular na hindi paggamit ng mga stimulant (hal., cocaine, amphetamine, at methamphetamine). Ang mga kalahok ay dapat sumang-ayon sa mga pagsusuri sa gamot sa ihi nang madalas na tinutukoy ng programa ng mga serbisyo ng Contingency Management. Ang mga insentibo ay binubuo ng mga katumbas na salapi (hal., mga gift card).
- Ang Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Contingency ay available lamang sa mga miyembro na tumatanggap ng mga serbisyo sa isang hindi residential na setting na pinamamahalaan ng isang kalahok na provider at naka-enroll at nakikilahok sa isang kumprehensibo, indibidwal na kurso ng paggamot.

Mga Serbisyo na Pang-mobile na Krisis o Mobile Crisis Services

- Available ang Mobile Crisis Services kung nagkakaroon ka ng krisis sa paggamit ng sangkap.

- Ang mga Serbisyo sa Mobile Crisis ay ibinibigay ng mga provider ng kalusugan sa lokasyon kung saan ka nakakaranas ng krisis, kabilang ang sa iyong tahanan, trabaho, paaralan, o iba pang mga lokasyon ng komunidad, hindi kasama ang isang ospital o iba pang setting ng pasilidad. Ang Mobile Crisis Services ay available 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, at 365 araw sa isang taon.
- Kasama sa Mobile Crisis Services ang mabilis na pagtugon, indibidwal na pagtatasa, at pag-stabilize na nakabatay sa komunidad. Kung kailangan mo ng karagdagang pangangalaga, ang mga mobile crisis provider ay magbibigay din ng masiglang mga handoff o referral sa ibang mga serbisyo.

MGA AVAILABLE NA SERBISYO SA PAMAMAGITAN NG TELEPHONE O TELEHEALTH

Sa personal, o harapan na kontak sa provider ay hindi laging kinakailangan para makatanggap ng mga serbisyo ng kalusugan ng kaisipan. Depende sa iyong mga serbisyo, maaari kang makatanggap ng serbisyo sa paraan ng telepono o telehealth. Dapat ipaliwanag sa iyo ng iyong provider ang tungkol sa paggamit ng telepono o telehealth at siguraduhin na sangayon ka bago simulan ang serbisyo. Kahit na sumangayon ka na tumanggap ng serbisyo sa telepono o telehealth, maaari kang pumili sa sa ibang panahon na tumanggap ng serbisyo sa personal o harapan. Ilang mga tipo ng serbisyo ng kalusugan ng kaisipan ay hindi maibibigay sa telehealth o telepono dahil maaaring kailangan na nasa partikolar na lugar para sa serbisyo, tulad ng serbisyo ng residensyal na gamutan o serbisyo ng ospital.

ANG PROSESO NG RESOLUSYON SA PROBLEMA: UPANG MAGSAMPA NG HINAING, MAG-APELA, O HUMILING NG ISANG STATE FAIR HEARING

Paano Kung Hindi Ko Makuha Ang Mga Serbisyo Mula Sa Aking Plano Ng Kalusugan Ng Kaisipan

Ang iyong plano ng kalusugan ng kaisipan ay dapat mayroong proseso sa pag-ayos ang isang hinaing o probelma tungkol sa alinmang isyu kaugnay sa mga espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan na na iyong nais o kasalukuyang tinananggap. Ito ay tinatawag na proseso ng paglutas ng problema at maaaring kasangkot ang mga sumusunod:

- Ang Proseso ng Hinaing: Isang pasalista o nakasulat na pagpapahayag ng kalungkutan tungkol sa anumang bagay tungkol sa iyong espesyalidad na mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, mga serbisyo sa sakit sa paggamit ng sangkap, isang provider, o sa county. Sumangguni sa seksyong Proseso ng Karaingan sa handbook na ito para sa higit pang impormasyon.
- Ang Proseso ng Apela: Ang apela ay kapag hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county na baguhin ang iyong mga serbisyo (hal. pagtanggì, terminasyon, pagbawas sa serbisyo) o upang hindi masaklaw ang mga ito. Sumangguni sa seksyong Proseso ng Apela sa handbook na ito para sa higit pang impormasyon.
- Ang Proseso Ng Makatarungang Na Pagdinig Ng Estado: Ang State Fair Hearing ay isang pagpupulong kasama ang isang hukom mula sa California Department of Social Services (CDSS) kung tatanggihan ng county ang iyong apela. Sumangguni sa seksyon ng State Fair Hearing sa handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Ang pagskadal ng hinaing, apela o paghiling ng isang Makatarungang na Pagdinig ng Estado ay hindi mabibilang na laban sa iyo at hindi makakaapekto sa mga serbisyo na iyong natatanggap. Ang pagsampa ng hinaing o apela ay makakatulong sa pagkuha ng mga serbisyo na iyong kailangan at malutas ang anumang mga problema sa iyong espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan. Mga hinaing at apela ay nakakatulong din sa plano ng kalusugan ng kaisipan sa pagbigay ng impormasyon sa kung paano nila

mapapahusay ang mga serbisyo. Aabisuhan ka ng iyong county, mga provider, at mga magulang/tagapag-alaga ng resulta kapag nakumpleto na ang iyong hinaing o apela. Aabisuhan ka ng State Fair Hearing Office at ang provider ng resulta kapag natapos na ang State Fair Hearing.

Tandaan: Matuto nang higit pa tungkol sa bawat proseso ng paglutas ng problema sa ibaba.

Maari Ba Akong Makahingi Ng Tulong Sa Pagsampa Ng Apela, Hinaing, O Makatarungang Pagdinig Ng Estado?

Ang iyong plano ng kalusugan ng kaisipan ay ipapaliwanag itong mga proseso sa iyo at dapat makatulong sa iyo sa pagsampa ng hinaing, apela, o paghiling sa Makatarungang Pagdinig ng Estado. Ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay makakatulong din sa iyo sa pagpasya kung ikaw ay karapatdapat para sa tinatawag na “expedited appeal” (minadaling apela) na proseso, ibig sabihin mas mabilis na pag-aaralan dahil na sa panganib ang iyong kalusugan ng kaisipan, at o ang iyong katayuan ay na sa panganib. Maaari mo awtorisahan ang isang tao na maging iyong kinatawan, pati din ang iyong provider ng espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan o advocate.

Kung nais mo ng tulong, makipag-ugnayan sa iyong county gamit ang numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Ang iyong plano ng kalusugan ng kaisipan ay dapat magbigay sa iyo ng makatwirang tulong sa pagkompleto ng mga forms at iba pang mga hakbang kaugnay sa hinaing o apela. Kasama dito, ngunit hindi limitado, ang pagbigay ng serbisyo ng pagsalin at libreng numero para sa TTY/TDD at kakayahan ng tagasalin.

Kung Kailangan Mo Pa ng Karagdagang Tulong

Maaari mor in kontakin ang Department of Health Care Services, Office of the Ombudsman:

- Telepono: # **1-888-452-8609**, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. (hindi kabilang ang mga holiday).

O

- Mag e-mail sa: MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov. Mga mensahe ng e-mail ay hindi tinuturing na kumpidensyal (mangyaring huwag isama ang personal na impormasyon sa mensahe sa e-mail).

Maaari ka din na makakuha ng legal na tulong sa iyong lokal na legal aid office o sa ibang mga grupo. Upang magtanong tungkol sa iyong mga karapatan sa State Fair Hearing, maaari kang makipag-ugnayan sa California Department of Social Services Public Inquiry and Response Unit sa numero ng teleponong ito: **1-800-952-5253** (para saTTY, tumawag sa **800-952-8349**).

Hinaing

Ano Ang Isang Hinaing?

Ang karaingan ay isang reklamo tungkol sa iyong kalungkutan sa anumang aspeto ng iyong mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali o ng county na hindi saklaw ng apela o mga proseso ng State Fair Hearing.

Ano Ang Proseso Ng Hinaing?

Ang proseso ng hinaing ay:

- Kasama ang mga simpleng hakbang upang ihain ang iyong hinaing nang pasalita o nakasulat.
- Hindi magiging dahilan upang mawala sa iyo ang iyong mga karapatan o serbisyo o gawing panlaban sa iyong provider.
- Payagan kang aprubahan ang ibang tao na kumilos para sa iyo. Ito ay maaaring isang provider o tagapagtaguyod. Kung sumasang-ayon ka na gawin ang ibang tao na kumilos para sa iyo, maaari kang hilingin na lumagda sa isang form ng awtorisasyon, na nagbibigay ng pahintulot sa iyong county na maglabas ng impormasyon sa taong iyon.

- Siguraduhin na ang naaprubahang tao na magpapasya sa karaingan ay kwalipikadong gumawa ng mga desisyon at hindi naging bahagi ng anumang nakaraang antas ng pagsusuri o paggawa ng desisyon.
- Tukuyin ang mga tungkulin ng iyong county, provider, at iyong sarili.
- Siguraduhin na ang mga resulta ng karaingan ay ibinigay sa loob ng kinakailangang timeline.

Kailan Ako Maaaring Magsampa Ng Hinaing?

Maaari kang maghain ng karaingan anumang oras kung hindi ka nasisiyahan sa pangangalagang natanggap mo o may isa pang alalahanin tungkol sa iyong county.

Paano Ako Magsasampa Ng Hinaing?

Maaari kang tumawag sa 24/7 toll-free Access Line ng iyong county anumang oras upang makatanggap ng tulong sa isang karaingan. Maaaring magsampa ng oral o nakasulat na mga hinaing. Ang mga karaingang pasalita ay hindi kinakailangang sundan ng karaingang nakasulat. Kung inihain mo ang iyong hinaing sa pamamagitan ng pagsulat, pakitandaan ang sumusunod: Ang iyong county ay nagbibigay ng mga self-addressed na sobre sa lahat ng mga site ng provider. Kung wala kang self-addressed na sobre, ipadala ang iyong nakasulat na mga hinaing sa address na nasa harap ng handbook na ito.

Paano ko malalaman kung natanggap ng County ang aking Grievance?

Ang iyong county ay kinakailangang magbigay sa iyo ng isang nakasulat na sulat upang ipaalam sa iyo na ang iyong karaingan ay natanggap sa loob ng limang araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap. Kung ginawa ang pagreklamo ng hinaing sa telepono o sa personal, at nalutas kinabukasan, maaaring hindi na makakuha ng sulat.

Kailan Pagapapsiyahan Ang Aking Hinaing?

Ang isang desisyon tungkol sa iyong karaingan ay dapat gawin ng iyong county sa loob ng 30 araw sa kalendaryo mula sa petsa na inihain ang iyong karaingan.

Paano Ko Malalaman Kung Ang Plano Ng Kalusugan Ng Kaisipan Ay Nakapagdesisyon Tungkol Sa Aking Hinaing?

Kapag ang isang desisyon ay ginawa tungkol sa iyong hinaing, ang county ay:

- Padadalhan ka o ang iyong naaprubahang tao ng nakasulat na paunawa ng pagpapasya;
- Padadalhan ka o ang iyong inaprubahang tao ng Notice of Adverse Benefit Determination na nagpapayo sa iyo tungkol sa iyong karapatang humiling ng State Fair Hearing kung hindi ipinalam ng county sa iyo ang desisyon ng karaingan sa panahon;
- Papayuhan ka ng iyong karapatang humiling ng isang State Fair Hearing.

Maaaring hindi ka makatanggap ng nakasulat na paunawa ng desisyon kung ang iyong karaingan ay isinampa sa pamamagitan ng telepono o nang personal at sumasang-ayon kang nalutas ang iyong isyu sa pagtatapos ng susunod na araw ng negosyo mula sa petsa ng paghahain.

Tandaan: Ang iyong county ay kinakailangang magbigay sa iyo ng Paunawa ng Pagpapasya ng Salungat na Benepisyo o Notice of Adverse Benefit Determination sa petsang mag-expire ang takdang panahon. Maaari kang tumawag sa county para sa karagdagang impormasyon kung hindi ka nakatanggap ng Notice of Adverse Benefit Determination.

Mayroon Bang Deadline Sa Pagsampa Ng Hinaing?

Maaaring magsampa ng hinaing sa anumang panahon.

Pag-Apela

Maaari kang maghain ng apela kapag hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na kasalukuyan mong natatanggap o

gustong matanggap. Maaari kang humiling ng pagsusuri ng desisyon ng county sa pamamagitan ng paggamit ng:

- Ang Karaniwang Proseso ng Apela.
- Ang Pinabilis na Proseso ng Apela.

Tandaan: Ang dalawang tipo ng apeal ay magkatulad; subalit, may mga partikular na mga tagubilin para maging kwalipikado para sa isang pinadaling pag-apela (tingnan sa ibaba para sa mga kinakailangan).

Tutulungan ka ng county sa pagkumpleto ng mga form at paggawa ng iba pang mga hakbang sa pamamaraan para maghain ng apela, kabilang ang paghahanda ng nakasulat na apela, pag-abiso sa iyo ng lokasyon ng form sa kanilang website o pagbibigay sa iyo ng form kapag hiniling mo. Dapat ding payuhan at tulungan ka ng county sa paghiling ng pagpapatuloy ng mga benepisyong sa panahon ng apela sa pagpapasiya ng masamang benepisyong alinsunod sa mga pederal na regulasyon.

Ano ang Napapatupad sa Karaniwang Proseso ng Apela?

Ang karaniwang pag-apela ay:

- Papayagan ka na magsampa ng apela na pasalita o nakasulat.
- Siguraduhin na ang paghahain ng isang apela ay hindi magiging sanhi ng pagkawala ng iyong mga karapatan o serbisyo o maging paglaban sa iyong provider sa anumang paraan.
- Papayagan ka na awtorisahan ang ibang tao para sa iyo, pati ang iyong provider. Kung binigyan mo ng awtorisasyon ang ibang tao na magsalita para sa iyo, maaari kang tanungin ng plano ng kalusugan ng kaisipan na lumagda sa isang porm na nagbibigay awtorisasyon sa plano ng kalusugan ng kaisipan na ilabas ang impormasyon sa taong iyon.
- Ipagpagtuloy ang mga benepisyong kapag humiling ng pag-apela sa loob ng tagubilin a saklaw ng panahon. Mangyaring tandaan: Ito ay 10 araw mula sa petsa na ang iyong Notice of Adverse Benefit Determination ay ipinadala o personal na ibinigay sa iyo.

- Tiyaking hindi ka magbabayad para sa mga patuloy na serbisyo habang nakabinbin ang pag-aapela at kung ang panghuling desisyon ng apela ay pabor sa pagpapasiya ng salungat na benepisyo ng county.
- Siguraduhin na ang mga gumagawa ng desisyon para sa iyong apela ay kwalipikado at hindi kasama sa anumang nakaraang antas ng pagsusuri o paggawa ng desisyon.
- Pahintulutan ka o ang iyong kinatawan na suriin ang iyong file ng kaso, kabilang ang mga medikal na record at iba pang nauugnay na mga dokumento.
- Nagbibigay-daan sa iyo na magkaroon ng makatwirang pagkakataon na magpakita ng ebidensya, testimonya, at mga argumento nang personal o nakasulat.
- Pahintulutan ka, ang iyong inaprubahang tao, o ang legal na kinatawan ng ari-arian ng namatay na miyembro na maisama bilang mga partido sa apela.
- Bigyan ka ng nakasulat na kumpirmasyon mula sa iyong county na ang iyong apela ay sinusuri.
- Ipaalam ang iyong karapatan na humiling Makatarungang Pagdinig ng Estado, pagkatapos ng pagkompleto ng proseso ng apela kasama ang plano.

Kailan Ako Maaaring Mag-Apela?

Maaring magsampa ng apela sa iyong plano sa alinmang mga situwasyon:

- Ang county o ang kinontratang provider ay nagpasya na hindi mo natutugunan ang mga pamantayan sa pag-access para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.
- Inirerekumenda ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ang isang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali para sa iyo at humihiling ng pag-apruba mula sa iyong county, ngunit tinatanggihan ng county ang kahilingan o binabago ang uri o dalas ng serbisyo.
- Ang iyong provider ay humihiling ng pag-apruba mula sa county, ngunit ang county ay nangangailangan ng higit pang impormasyon at hindi nakumpleto ang proseso ng pag-apruba sa oras.
- Ang iyong county ay hindi nagbibigay ng mga serbisyo batay sa paunang natukoy

na mga timeline nito.

- Pakiramdam mo ay hindi natutugunan ng county ang iyong mga pangangailangan sa oras.
- Ang iyong karaingan, apela, o pinabilis na apela ay hindi nalutas sa oras.
- Ikaw at ang iyong provider ay hindi sumasang-ayon sa mga kinakailangang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

Paano Ako Magsasampa ng Apela?

- Maaari kang maghain ng apela sa pamamagitan ng isa sa sumusunod na tatlong paraan:
 - Tawagan ang walang bayad na numero ng telepono ng iyong county na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Pagkatapos tumawag, kailangan mo ring maghain ng kasunod na nakasulat na apela; o
 - Ipadala sa koreo ang iyong apela (Magbibigay ang county ng mga self-addressed na sobre sa lahat ng mga site ng provider para ipadala mo sa koreo ang iyong apela). Tandaan: Kung wala kang self-addressed na sobre, maaari mong ipadala ang iyong apela nang direkta sa address sa harap ng handbook na ito;
 - Isumite ang iyong apela sa pamamagitan ng e-mail o fax. Sumangguni sa seksyong “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito para sa higit pang impormasyon.

Paano Ko Malalaman Kung Napagpasyahan Na Ang Aking Apela?

Ikaw o ang iyong naaprubahang tao ay makakatanggap ng nakasulat na abiso mula sa iyong county ng desisyon sa iyong apela. Kasama sa abiso ang sumusunod na impormasyon:

- Ang mga resulta ng proseso ng paglutas ng apeal.
- Petsa kung kailang ginawa ang desisyon ng apela.
- Kung ang apela ay hindi nalutas sa inyong pabor, ang abiso ay magbibigay ng impormasyon tungkol sa iyong karapatan sa isang State Fair Hearing at kung paano humiling ng isang State Fair Hearing.

Mayroong Bang Deadline Sa Pagsampa ng Apela?

Dapat magsampa ng apela sa loob ng 60 na araw mula sa petsa ng Notice of Adverse Benefit Determination. Walang deadline para sa pagsampa ng apeal kapag hindi nakatanggap ng Paunawa Sa Pagpasiya Ng Salungat Na Benepisyo, kaya maaari mong isampa ang ganitong tipo ng apela kahit kailan.

Kailang Magpasiya Ng Desisyong Para Sa King Apela?

Dapat magpasya ang county sa iyong pag-aapela sa loob ng 30 araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ang iyong kahilingan.

Paano Kung Hindi Ako Makahintay Ng 30 Na Araw Para Sa Desisyon Ng Aking Apela?

Kung natutugunan ng apela ang pamantayan para sa pinabilis na proseso ng apela, maaari itong makumpleto nang mas mabilis.

Ang Ang Pinabilis Na Apela (Expedited Appeal)?

Ang pinabilis na apela ay sumusunod ngunit mas mabilis na paraan ng pagpasya ng apela. Narito ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga pinabilis na apela:

- Subalit, kailangan maipakita na ang paghintay sa karaniwan na apela ay maaaring mapasama sa iyong kondisyon ng kalusugan ng kaisipan
- Ang pinabilis na proseso ng apela ay sinusunod din ang ibang deadline kaysa sa karaniwan na apela
- Mayroong 72 na oras ang plano ng kalusugan ng kaisipan para pag-aralan ang mga pinabilis na mga apela
- Maaari kang humiling na pasalitang pinabilis na apela.
- Hindi mo kailangan sumulat para sa sa hiling ng pinabilis na apela

Kailan Ako Maaaring Magsampa Na Pinabilis Na Apela?

Kung sa tingin mo na ang paghintay ng 30 na araw para sa karaniwang desisyon ng apela ay malalagay sa panganib ang iyong buhay, kalusugan, o kakayahang makamit, o

mapanatili o mabawi ang pinakamalakas na kakayahan, maaari kang humling ng pinabilis na paglutas ng iyong apela.

Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Pinabilis na Apela:

- Kung natutugunan ng iyong apela ang mga kinakailangan para sa isang pinabilis na apela, lulutasin ito ng county sa loob ng 72 oras pagkatapos itong matanggap.
- Kung matukoy ng county na ang iyong apela ay hindi nakakatugon sa pamantayan para sa isang pinabilis na apela, kinakailangan nilang bigyan ka ng napapanahong pasalitang abiso at bibigyan ka ng nakasulat na paunawa sa loob ng dalawang araw sa kalendaryo, na nagpapaliwanag ng dahilan ng kanilang desisyon. Pagkatapos ay susunod ang iyong apela sa mga inilaang panahon para sa karaniwang apelang unang inilarawan sa seksyong ito.
- Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county na ang iyong apela ay hindi nakakatugon sa pamantayan para sa pinabilis na apela, maaari kang maghain ng karaingan.
- Pagkatapos malutas ng iyong county ang iyong kahilingan para sa isang pinabilis na apela, ikaw at ang lahat ng apektadong partido ay aabisuhan kapwa pasalita at nakasulat.

Mga State Fair Hearing

Ano Ang Proseso ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Ang State Fair Hearing ay isang independiyenteng pagsusuri na isinasagawa ng isang administratibong hukom ng batas mula sa California Department of Social Services (CDSS) upang matiyak na natatanggap mo ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na karapat-dapat sa iyo sa ilalim ng programang Medi-Cal.

Mangyaring bisitahin ang website ng California Department of Social Services sa <https://www.cdss.ca.gov/hearing-requests> para sa karagdagang mga mapagkukunan.

Ano Ang King Mga Karapatan Sa Makatarungang Pagdinig Ng Estado?

Mayroon kang karapatan na:

- Humiling ng pagdinig sa harap ng isang administratibong hukom ng batas, na kilala rin bilang State Fair Hearing, upang tugunan ang iyong kaso.

- Alamin kung paano humiling ng isang State Fair Hearing.
- Alamin ang tungkol sa mga regulasyon na nagdidikta kung paano gumagana ang representasyon sa panahon ng State Fair Hearing.
- Hilingin na magpatuloy ang iyong mga benepisyo sa panahon ng proseso ng State Fair Hearing kung humiling ka ng State Fair Hearing sa loob ng mga kinakailangang takdang panahon.
- Hindi magbabayad para sa patuloy na mga serbisyo habang nakabinbin ang State Fair Hearing at kung ang panghuling desisyon ay pabor sa adverse benefit na pagpapasya ng county.

Kailan Ako Maaring Magskdal Ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Maaari kang magsampa para sa isang Makatarungang Pagdinig ng Estado sa alin mang sumusunod na situwasyon:

- Naghain ka ng apela at nakatanggap ng liham ng resolusyon ng apela na nagsasabi sa iyo na tinanggihan ng iyong county ang iyong kahilingan sa apela.
- Ang iyong hinaing, apela, o pinablis na apela ay hindi nalutas sa tamang panahon.

Paano Ako Makakahiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Maaaring kang humling nga Makatarungang Pagdinig ng Estado:

- Online: sa website ng Department of Social Services Appeals Case Management: <https://acms.dss.ca.gov/acms/login.request.do>
- Sa Pagsulat: Isumite ang hiling sa county welfare department sa direksyon na nasa sa Paunawa Sa Pagpasiya Ng Salungat Na Benepisyo, ipadala sa:

California Department of Social Services

State Hearings Division

P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37

Sacramento, CA 94244-2430

- Sa pamamagitan ng Fax: 916-651-5210 or 916-651-2789

Maari din humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado o pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado:

- Sa Telepono:
 - Tumawag sa State Hearings Division, libre at **800-743-8525** or **855-795-0634**,.
 - Para sa Public Inquiry at Response na linya, libre, at **800-952-5253** o TDD at **800-952-8349**

Mayroon bang deadline para sa paghiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Mayroon kang 120 araw mula sa petsa ng nakasulat na paunawa ng desisyon sa apela ng county para humiling ng State Fair Hearing. Kung hindi ka nakatanggap ng Notice of Adverse Benefit Determination, maaaring magsampa ng Makatarungang Pagdinig ng Estado sa anumang oras.

Maaari Ko Bang Ipagpatuloy Ang Mga Serbisyo Habang Ako Ay Naghihintay Para Sa Isang Makatarungang Pagdinig Ng Estado?

Oo, Kung ikaw ay kasalukuyang tumatanggap ng awtorisadong serbisyo at nais mo na magpatuloy sa pagtanggap ng mga serbisyo habang hinihintay mo ang desisyon ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, kailangan mong humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 na araw mula sa petsa sa pagkatanggap ng Notice of Adverse Benefit Determination, o bago ang petsa na paunawa ng paghinto o pagbawas ng mga serbisyo mula sa plano ng kalusugan ng kaisipan ang abiso ng desisyon sa apela ay namarkahan o naihatid na sa iyo. Bilang alternatibo, maaari kang humiling ng pagdinig bago ang petsa na sinabi ng iyong county na ang mga serbisyo ay ititigil o mababawasan.

Tandaan:

- Kapag humihiling ng State Fair Hearing, dapat mong ipahiwatig na gusto mong ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo sa panahon ng proseso ng State Fair Hearing.
- Kung hihilingin mong ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo at

kinukumpirma ng panghuling desisyon ng State Fair Hearing ang pagbabawas o paghinto ng serbisyong natatanggap mo, hindi ka mananagot sa pagbabayad ng halaga ng mga serbisyong ibinigay habang nakabinbin ang State Fair Hearing.

Kailan Gagawin Ang Desisyon Tungkol Sa Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Pagkatapos humiling ng State Fair Hearing, maaaring tumagal ng hanggang 90 araw bago makatanggap ng desisyon.

Maaari Bang Makakuha ng Mabilis Na Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Kung sa tingin mo na ang paghintay ng matagal ay makakasama sa iyong kalusugan, maaari kang makakuha ng sago sa loob ng tatlong araw.-Maaari kang humiling ng Pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng pagsulat ng isang sulat sa iyong sarili o paghiling sa iyong pangkalahatang practitioner o propesyonal sa kalusugan ng isip na magsulat ng isang liham para sa iyo. Ang liham ay dapat isama ang sumusunod na impormasyon:

1. Ipaliwanag nang detalyado kung paano ang paghihintay ng hanggang 90 araw para mapagpasyahan ang iyong kaso ay maaaring seryosong makapinsala sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang maximum na layunin.
2. Humingi ng “pinabilis na pagdinig” at ibigay ang sulat kasama ang iyong kahilingan para sa isang pagdinig.

Susuriin ng State Hearings Division ng Department of Social Services ang iyong kahilingan para sa pinabilis na State Fair Hearing at tutukuyin kung ito ay nakakatugon sa pamantayan. Kung maaaprubahan ang iyong kahilingan, ang isang pagdinig ay maii-schedule, at isang desisyon ang gagawin sa loob ng tatlong araw ng trabaho mula sa petsa na natanggap ng State Hearings Division ang iyong kahilingan.

ANG ADVANCE DIRECTIVE O ANG PAUNANG DIREKTIBA

Ano Ang Advance Directive?

Mayroong kang karapatan sa isang advance directive.-Ang paunang direktiba ay isang nakasulat na dokumento tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan na kinikilala sa ilalim ng batas ng California. Maaaring naririnig mo minsan na inilalarawan ang advance directive bilang isang living will (habilin ng isang taong nabubuhay pa) o durable power of attorney (matibay na kapangyarihan ng abugado). Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa kung paano mo nais ibigay ang pangangalagang pangkalusugan o sinasabi kung anong mga desisyon ang gusto mong gawin, kung o kapag hindi mo magawang magsalita para sa iyong sarili. Maaaring kasama dito ang mga karapatan ng pagtanggap o pagtangga ng paggamot, operasyon, o iba pang mga pagpililiang mga pangangalaga ng kalusugan. Sa California ang advance directive ay may dalawang bahagi:

- Ang iyong appointment ng isang ahente (isang tao) na gagawa ng desisyon tungkol sa iyong pangangalaga ng kalusugan; at
- Ang Iyong indibidwal na instruksyon ng pangangalaga ng kalusugan

Ang iyong county ay kinakailangang magkaroon ng isang advance na programa ng direktiba sa lugar. Ang iyong county ay kinakailangang magbigay ng nakasulat na impormasyon sa mga patakaran sa paunang direktiba at ipaliwanag ang batas ng estado kung hiningi ang impormasyon. Kung gusto mong hilingin ang impormasyon, dapat mong tawagan ang numero ng telepono sa pabalat ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Maaari kang makakuha ng porm ng advance directive mula sa iyong plano ng kalusugan ng kaisipan o online. Sa California, mayroon kang karapatan na magbigay ng instruksyon ng advance directive sa lahat ng iyong mga provider ng pangangalaga ng kalusugan. Mayroon ka din karapatan na palitan o ikansel ang iyong advance directive sa anumang oras.

Kung may tanong tungkol sa batas ng California tungkol sa mga tagubilin ng advance directive, maaaring magpadala ng sulat sa:

California Department of Justice

Attn: Public Inquiry Unit

P. O. Box 944255

Sacramento, CA 94244-2550

MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD

Mga Pananagutan ng County

Para saan ba ang Pananagutan ng aking County?

Responsable ang iyong plano ng kalusugan ng kaisipan sa mga sumusunod:

- Para malaman kung iyong nakamit ang pamantayan para makuha ang mga espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan mula sa county o network ng mga provider.
- Pagbibigay ng pag-screen o pagtatasa upang matukoy kung kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.
- Pagbigay ng toll-free na numero na may sumasagot 24 oras, pitong araw sa isang liggo, na makakapagsabi sa iyo ng serbisyo mula sa iyong plano ng kalusugan ng kaisipan. Solano MHP - (800) 547-0495.
- Siguraduhing may sapat na mga provider ng kalusugan sa pag-uugali sa malapit upang ma-access mo ang mga serbisyong sakop ng iyong county kung kinakailangan.
- Ipinapaalam at tinuturuan ka tungkol sa mga serbisyo na maaaring makuha mula sa iyong plano ng kalusugan ng kaisipan.
- Ang pagbibigay ng mga serbisyo sa iyong wika nang walang bayad sa iyo, at kung kinakailangan, pagbibigay ng interpreter para sa iyo nang walang bayad.
- Nagbibigay sa iyo ng mga nakasulat na impormasyon tungkol na iyong makukuha sa ibang wika o alternatibong mga pormat tulad ng Braille o sa malalaking letra. Sumangguni sa seksyong “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito para sa higit pang impormasyon.
- Ipapaalam sa iyo ang tungkol sa anumang makabuluhang pagbabago sa impormasyong binanggit sa handbook na ito nang hindi bababa sa 30 araw bago magkabisa ang mga pagbabago. Itinuturing na makabuluhan ang pagbabago kapag may pagtaas o pagbaba sa dami o uri ng mga serbisyong inaalok, kung may pagtaas o pagbaba sa bilang ng mga provider ng network, o kung may anumang pagbabago na makakaapekto sa mga benepisyong natatanggap mo mula sa ang county.

- Siguraduhing ikonekta ang iyong pangangalagang pangkalusugan sa anumang iba pang mga plano o sistema na maaaring kailanganin upang makatulong sa paglipat ng iyong pangangalaga nang maayos. Kabilang dito ang pagtiyak na ang anumang mga referral para sa mga espesyalista o iba pang mga provider ay maayos na sinusundan, at na ang bagong provider ay handang alagaan ka.
- Tinitiyak na maaari kang patuloy na makipagkita sa iyong kasalukuyang provider ng pangangalagang pangkalusugan, kahit na wala sila sa iyong network, sa isang tiyak na tagal ng panahon. Mahalaga ito kung ang pagpapalit ng mga provider ay makakasama sa iyong kalusugan o magtataas ng pagkakataon na kailangan mong pumunta sa ospital.

Mayroon bang magagamit na sasakyan?

Kung nahihirapan kang dumalo sa iyong mga appointment sa medikal o pag-uugali sa kalusugan, ang programang Medi-Cal ay tumutulong sa pag-aayos ng transportasyon para sa iyo. Ang transportasyon ay dapat ibigay para sa mga miyembro ng Medi-Cal na hindi makapagbigay ng transportasyon sa kanilang sarili at may pangangailangang medikal upang makatanggap ng mga serbisyong sakop ng Medi-Cal. Narito ang dalawang tipo ng sasakyan para sa mga appointment:

- Hindi medikal na sasakyan ay isang sasakyan na pribado o pampublikong sasakyan para sa mga tao na walang paraan pumunta sa kanilang appointment.
- Hindi emerhensiya na sasakyang medikal ay sasakyan gaya ng ambulansya, wheelchair van, o litter van para sa mga taong hindi gumagamit ng pampubliko o pribadong sasakyan.

Mayroong mga sasakyan para sa pagpunta sa botika o sa pagkuha ng mga kailangang medical supplies, prosthetics, orthotics, at iba pang mga equipment.

Kung mayroong Medi-Cal ngunit hind nakasali sa isang managed care plan (pinamamahalaan na plano ng pangangalaga), at kailangang mo ng hindi medikal na sasakyan para sa isang serbisyo kaugnay sa kalusugan, maaari mong kontakin ang provider ng hindi medikal na sasakyan o ang iyong provider para matulungan ka. Kapag

kinontak ang kumpanya ng sasakyan, tatanungin nila ang petsa at oras ng appointment. Kung kailangan ng hindi emerhensiya na sasakyang medikal, ang iyong provider ay maaaring magreseta ng hindi emerhensiyang sasakyan at ipasa ka sa isang provider ng sasakyan para maayos ang iyong paghatid at pagsundo sa iyong mga appointment.

Para sa marami pang impormasyon at tulong para sa sasakyan, kontakin ang iyong plano ng pangangalaga.

Mga Karapatan ng Miyembro

Ano ang Aking Mga Karapatan bilang Tumatanggap ng Medi-Cal Behavioral Health Services?

Bilang miyembro ng Medi-Cal, may karapatan kang tumanggap ng mga serbisyong medikal na kinakailangan para sa kalusugan ng pag-uugali mula sa iyong county. Kapag nag-access ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, mayroon kang karapatan na:

- Tratuhan ng may personal na respeto at respeto sa iyong dignidad at pagiging pribado.
- Makakuha ng malinaw at naiintindihan na mga paliwanag ng mga available na opsyon sa paggamot.
- Makilahok sa mga desisyon na nauugnay sa iyong pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali. Kabilang dito ang karapatang tanggihan ang anumang paggagamot na hindi mo gustong matanggap.
- Makuha ang handbook na ito upang malaman ang tungkol sa mga serbisyo ng county, mga obligasyon ng county, at ang iyong mga karapatan.
- Humingi ng kopya ng iyong mga medikal na record at humiling ng mga pagbabago, kung kinakailangan.
- Maging malaya sa anumang anyo ng pagpigil o pagbubuklod na ipinataw bilang paraan ng pamimilit, disiplina, kaginhawahan, o paghihiganti.
- Makatanggap ng napapanahong access sa pangangalaga 24/7 para sa mga kundisyong pang-emergency, apurahan, o krisis kapag medikal na kinakailangan.
- Kapag hiniling, makatanggap ng mga nakasulat na materyales sa mga alternatibong format tulad ng Braille, malaking sukat na print, at audio format sa

isang napapanahong paraan.

- Makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa county na sumusunod sa kontrata ng estado nito para sa pagkakaroon, kapasidad, koordinasyon, saklaw, at awtorisasyon ng pangangalaga. Kinakailangan ang county na:
 - Mag-employo o mayroong nakasulat na mga kontrata sa sapat na mga provider upang matiyak na ang lahat ng karapat-dapat na miyembro ng Medi-Cal na kwalipikado para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay matatanggap ang mga ito sa isang napapanahong paraan.
 - Sagutin ang mga medikal na kailangang serbisyo na nasa labas ng network para sa iyo sa tamang oras, kung ang MHP ay walang empleyado o nakakontratang provider na makakapaghatid ng serbisyo.

Tandaan: Dapat tiyakin ng county na wala kang babayaranag dagdag para sa pagpapatingin sa isang provider na wala sa network. Tingnan sa ibaba para sa karagdagang impormasyon:

- *Mga serbisyong medikal na kinakailangan para sa kalusugan ng pag-uugali* para sa mga indibidwal na 21 taong gulang o mas matanda pa ay mga serbisyong makatwiran at kinakailangan upang protektahan ang buhay, upang maiwasan ang malubhang sakit o makabuluhang kapansanan, o upang maibsan ang matinding sakit. Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan para sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga indibidwal na wala pang 21 taong gulang ay mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapahusay, o gumagawa ng mas matitiis na kundisyon sa kalusugan ng pag-uugali.
- *Ang provider na wala sa network* ay isang provider na wala sa listahan ng mga provider ng county.
- Sa iyong kahilingan, magbigay ng pangalawang opinyon mula sa isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa loob o labas ng network nang walang karagdagang gastos.
- Siguraduhin na ang mga provider ng serbisyo ay sinanay na maghatid ng

mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na sinasang-ayunan ng mga tagapagkaloob na saklawin.

- Siguraduhin na ang mga saklaw na serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ng county ay sapat sa dami, haba ng panahon, at saklaw upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga miyembrong kwalipikado sa Medi-Cal. Kabilang dito ang pagtiyak na ang pamamaraan ng county para sa pag-apruba ng pagbabayad para sa mga serbisyo ay batay sa medikal na pangangailangan at na ang pamantayan sa pag-access ay ginagamit nang patas.
- Siguraduhin na ang mga provider nito ay nagsasagawa ng masusing pagsusuri at nakikipagtulungan sa iyo upang magtatag ng mga layunin sa paggamot.
- Ikonekta ang mga serbisyo na inibibigay kasama ang mga serbisyong ibinibigay sa iyo sa pamamagitan ng pinamamahalaan na plano ng pangangalaga ng Medi-Cal osa iyong pangunahing provider, kung kinakailangan, at tiyakin na ang iyong pribasiya ay protektado bilang tinukoy sa mga tuntuning pederal tungkolsa pribasiya ng impormasyong ng kalusugan.
- Makilahok sa mga pagsisikap ng estado na magbigay ng mga serbisyong may kakayahang pangkultura sa lahat, kabilang ang mga may limitadong kasanayan sa Ingles at magkakaibang kultura at etnikong pinagmulan.
- Ipahayag ang iyong mga karapatan nang walang nakakapinsalang pagbabago sa iyong paggamot.
- Tumanggap ng paggamot at mga serbisyo alinsunod sa iyong mga karapatang inilarawan sa handbook na ito at sa lahat ng naaangkop na batas ng pederal at estado tulad ng:
 - Title VI of the Civil Rights Act of 1964 bilang pinatupad ng mga regulasyon sa 45 CFR part 80
 - Age Discrimination Act of 1975 bilang pinatupad ng mga regulasyon 45 CFR part 91.
 - the Rehabilitation Act of 1973

- Title IX of the Education Amendments of 1972 (tungkol sa mga programa ng edukasyon at aktibidad)
 - Titles II and III of the Americans with Disabilities Act)
 - Section 1557 ng Patient Protection and Affordable Care Act
- Maaari kang magkaroon ng karagdagang mga karapatan sa ilalim ng mga batas ng estado tungkol sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali. Upang makipag-ugnayan sa Tagapagtaguyod ng Mga Karapatan ng Pasyente o Patients' Rights Advocate, ng iyong county, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong county sa pamamagitan ng paggamit ng numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook.

Adverse Benefit Determination

Anong Mga Karapatan ang Mayroon Ako Kung Tinatanggihan ng County ang Mga Serbisyong Gusto Ko o Sa Palagay Ko na Kailangan Ko?

Kung tatanggihan, nililimitahan, binabawasan, inaantala, o tinatapos ng iyong county ang isang serbisyo na sa tingin mo ay kailangan mo, may karapatan ka sa isang nakasulat na paunawa mula sa county. Ang abisong ito ay tinatawag na “Abiso sa Pagpapasya ng Salungat na Benepisyo o Notice of Adverse Benefit Determination”. May karapatan ka ring hindi sumang-ayon sa desisyon sa pamamagitan ng paghingi ng pag-aapela. Ipinapaalam sa iyo ng mga seksyon sa ibaba ang Notice of Adverse Benefit Determination at kung ano ang gagawin kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county.

Ano ang Adverse Benefit Determination (Isang Hindi Kanaisnais na Pagpasya ng Benepisyo?)

Ang isang Adverse Benefit Determination ay tinutukoy ng alinman sa mga sumusunod na aksyon na pinang-hawakan ng isang county:

- Ang pagtangi o limitadong awtorisasyon ng isang hiniling na serbisyo. Kabilang dito ang mga pagpapasya batay sa uri o antas ng serbisyo, medikal na pangangailangan, kaangkupan, setting, o bisa ng isang sakop na benepisyo;
- The reduction, suspension, or termination of a previously authorized service;
- Tinanggihan o limitadong awtorisasyon ng hiniling na serbisyo, kasama ang

pagpapasya base sa tipo o antas ng serbisyo, pangangailangang medikal, pagiging angkop, kapaligiran, oa pagkabisa ng isang benepisyong sakop;

- Ang kabiguan na makapagbigay ng mga serbisyo na nasa oras
- Kabiguan na umaksyon sa loob ng saklaw ng panahon para sa karaniwan na paglutas ng mga hinaing at apela. Ang mga kinakailangang timeframe ay ang mga sumusunod:
 - Kung maghahain ka ng karaingan sa county at hindi sumagot sa iyo ang county, na may nakasulat na desisyon sa iyong karaingan sa loob ng 30 araw.
 - Kung naghain ka ng apela sa county at hindi sasagot sa iyo ang county na may nakasulat na desisyon sa iyong apela sa loob ng 30 araw.
 - Kung nagsampa ka ng pinabilis na apela at hindi nakatanggap ng pagtugon sa loob ng 72 oras.
- Ang pagtangi sa kahilingan ng isang miyembro sa hindi pagsasang-ayon sa pananagutan sa pananalapi.

Ano Ang Paunawa Sa Pagpasiya Ng Salungat Na Benepisyo (Notice of Adverse Benefit Determination)?

Ang isang Notice of Adverse Benefit Determination ay isang nakasulat na liham na ipapadala sa iyo ng iyong county kung magpasya itong tanggihan, limitahan, bawasan, antalahin, o wakasan ang mga serbisyong pinaniniwalaan mo at ng iyong provider na dapat mong makuha. This includes denial of:

- Isang pagbabayad para sa isang serbisyo.
- Mga paghahabol para sa mga serbisyong hindi saklaw.
- Mga paghahabol para sa mga serbisyong hindi medikal na kinakailangan.
- Mga paghahabol para sa mga serbisyo mula sa maling sistema ng paghahatid.
- A request to dispute financial liability.

Tandaan: Ang isang Notice of Adverse Benefit Determination ay ginagamit din upang sabihin sa iyo kung ang iyong hinaing, apela, o pinabilis na apela ay hindi nalutas sa oras, o kung hindi ka nakakuha ng mga serbisyo sa loob ng mga pamantayan sa timeline ng county para sa pagbibigay ng mga serbisyo.

Panahon ng Paunawa

Ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay dapat ipadala ang paunawa:

- sa benepisiyaryo sa loob ng di kukulang sa 10 na araw bago ang petsa ng aksyon para sa terminasyon, suspensyon, pagbawas ng isang dating inawtorisahan na espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan.
- Sa miyembro ay dapat ipadala ang paunawa sa loob ng dalawang araw ng negosyo mula sa desisyon sa pagtanggig ng pagbayad o desisyon na nagresulta sa pagtanggig, pag-antala, amyenda o lahat o bahagi ng hiniling espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan

Palagi Ba Akong Makakatanggap Ng Paunawa Ng Pagpasya Kapag Hindi Ko Nakuha Ang Mga Serbisyo Na Aking Nais?

Oo, dapat makatanggap ka nga Notice of Adverse Benefit Determination. Subalit, kung hind ka nakatanggap ng paunawa o notice, maaari kang magsampa ng apela sa plano ng kalusugan ng kaisipan ng county o kung nakompleto ang proseso ngapela, maaari kang humiling ng Makatarungan Na Pagdinig ng Estado (State Fair Hearing). Kapag nakipag-ugnayan ka sa iyong county, ipahiwatig na nakaranas ka ng salungat na pagpapasya ng benepisyong unit hindi nakatanggap ng paunawa. Ang impormasyon sa kung paano maghain ng apela o humiling ng State Fair Hearing ay kasama sa handbook na ito at dapat ding makuha sa opisina ng iyong provider.

Ano Ang Ipapahiwatig Sa Aking Ng Paunawa Sa Pagpasiya Ng Salungat Na Benepisyong?

Ito ang ipapahiwatig ng Notice of Adverse Benefit Determination sa iyo:

- Ano ang ginawa ng plano ng kalusugan ng kaisipan na nakapekto sa iyo at sa iyong abilidad na makakuha ng serbisyo
- Ang petsa at decision na magsisimula at ang dahilan para sa desisyon
- Mga tuntuning pang estado o pederal kung saan binase ang desisyon
- Ang iyong mga karapatan na maghain ng apela kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county.

- Paano makatanggap ng mga kopya ng mga dokumento, mga talaan, at iba pang impormasyon na nauugnay sa desisyon ng county.
- Paano magsampa ng apela sa plano ng kalusugan ng kaisipan
- Paano humiling ng State Fair Hearing kung hindi ka nasisiyahan sa desisyon ng county sa iyong apela.
- Paano humingi ng tulong sa pagsampa ng apela o paghiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado
- Gaano katagal bago magsampa ng apela o hiling para sa Makatarungang Pagdinig ng Estado
- Ang iyong karapatan na magpatuloy sa pagtanggap ng mga serbisyo habang hinihintay ang desisyon ng apela o Makatarungang Pagdinig ng Estado, paano humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyo, at kung ano mga gastos nitong serbisyo ay sinasakop ng Medi-Cal
- Kapag kailangan mong ihain ang iyong apela o kahilingan sa State Fair Hearing kung gusto mong magpatuloy ang mga serbisyo.

Ano Ang Aking Dapat Gawin Kapag Nakatanggap Ng Paunawa Sa Pagpasiya Ng Salungat Na Benepisyo?

Kapag nakakuha ka ng Notice of Adverse Benefit Determination, dapat mong basahin nang mabuti ang lahat ng impormasyon sa abiso. Kung hindi maintindihan ang paunawa, maaari kang tulungan ng iyong plano ng kalusugan ng kaisipan. Maaari ka humingi ng tulong sa ibang tao.

Maaaring kang makahiling nga patuloy na serbisyo na inihinto kapag nagsampa ka ng apela o humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado. Dapat mong hilingin ang pagpapatuloy ng mga serbisyo nang hindi lalampas sa 10 araw sa kalendaryo pagkatapos ng petsa na ang Notice of Adverse Benefit Determination ay namarkahan o naihatid sa iyo, o bago ang petsa ng bisa ng pagbabago.

Mga Responsibilidad ng Miyembro

Ano ang aking mga responsibilidad bilang isang miyembro ng Medi-Cal?

Itong mga materyal ay makakatulong sa pag-intindi kung alin sa mga serbisyo ang para sa iyo at kung anong paggamot ang iyong kailangan. Mahalaga rin na:

- Pumunta sa iyong paggamot ayon sa iskedyul. Makakakuha ng pinakamabuting resulta kung makipagtrabaho sa provider para makabuo ng mga layunin sa paggamot at sundin ito. Kung hindi makapunta sa appointment, tawagan ang provider isang araw bago ang isedyul at magpa-iskedyul muli.
- Palaging dalhin ang Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) at photo ID kapag magpapagamot.
- Ipaalam sa provider na kailangang ng tagasalin bago ang appointment.
- Sabihin sa provider lahang inaalala. Mas kompletong impormasyon sa mga pangangailangan, mas matagumpay ang paggamot.
- Tiyakin na tanungin ang provider ng lahat ng iyong mga katanungan. Mahalaga na maintindihan ng buong buo ang impormasyon na natatanggap habang nagpapagamot.
- Mag-followup sa mga pinlanong hakbang na pinagkasunduan mo ng provider.
- Makipag-ugnayan sa MHP kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa iyong mga serbisyo o kung mayroon kang anumang mga problema sa iyong provider na hindi mo malutas.
- Sabihin sa iyong provider at sa county kung mayroon kang anumang mga pagbabago sa iyong personal na impormasyon. Kabilang dito ang iyong address, numero ng telepono, at anumang iba pang medikal na impormasyong maaaring makaapekto sa iyong kakayahang makibahagi sa paggagamot.
- Tratuhan ang mga tauhan na nagbibigay ng paggamot ng may respeto at paggalang.
- Kung naghihinala ng panloloko o kamalian, ireport ito:
 - Tinatanong ng Department of Health Care Services ang sinuman na nagsusupetsa ng panloloko o fraud ng Medi-Cal, paggasta, abuso sa pagtawag sa DHCS Medi-Cal Fraud Hotline at **1-800-822-6222**. Kung ito ay sa tingin mo ay emerhensiya, tumawag sa **911** para sa madaliang tulong. Itoy ay libre, at ang tumawag ay maaaring manatiling hindi kilala.

- Maaari din report ang hinihinalang panloloko o abuso sa pag-email sa fraud@dhcs.ca.gov o gamitin ang porm na nasa online sa <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx>

Kailangan Ko Ba Magbayad Para Sa Medi-Cal?

Karamihan sa mga tao sa Medi-Cal ay hindi kailangang magbayad ng anuman para sa mga serbisyong medikal o kalusugan ng pag-uugali. Sa ilang mga pagkakataon, maaaring kailanganin mong magbayad para sa mga serbisyong medikal at/o kalusugan ng pag-uugali batay sa halaga ng perang nakukuha o kinikita mo bawat buwan.

- Kung ang iyong kita ay mas mababa sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, hindi mo kailangang magbayad para sa mga serbisyong medikal o kalusugan ng pag-uugali.
- Kung ang iyong kinikita ay higit pa sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, kailangan mong magbayad ng pera para sa iyong mga serbisyong medikal o pangkalusugan sa pag-uugali. Ang halaga na iyong babayaran ay tinatawag na 'share of cost' (pagbahagi ng gastos). Kapag nabayaran ang 'share of cost,' babayaran ng Medi-Cal ang nalalabing mga medical bills para sa buwan na iyon. Sa mga buwan na walang gastos na medikal, hindi kailangan magbayad.
- Maaaring magbayad ng 'co-payment' para sa anumang paggamot sa ilalim ng Medi-Cal. Ibig sabihin magbababayad mula sa iyong bulsa bawat beses na makatanggap ng serbisyong medikal o pumunta sa emergency room ng ospital para sa mga regular na serbisyo.
- Ang iyong provider ang magsasabi kung kailangan ng co-payment

KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA IYONG COUNTY

Karagdagang Partikular na Impormasyon Para Sa Kalusugan ng Kaisipan

Para sa mga lokal na residenteng naghahanap ng tulong sa isang krisis at para ma-access ang local na programa ng mental health, mangyaring tumawag sa:

- **Solano Mobile Crisis:** 24/7 na serbisyo sa buong county upang suportahan ang mga indibidwal sa agarang krisis sa kalusugan ng isip, tulad ng mga pag-iisip o plano ng pagpapakamatay, o isang taong maaaring mukhang isang panganib sa kanilang sarili o sa iba o nakakaranas ng matinding kapansanan. Maaaring mag-stabilize ang Team sa pamamagitan ng telepono o pumunta sa iyo sa komunidad para sa suporta o pagsusuri.
 - Tumawag sa: 707-806-0866
- **Solano Crisis Stabilization Unit:** Available ang 24/7 Crisis Services sa 2101 Courage Drive, Fairfield. Nag-aalok ang pasilidad na ito ng 12-unit ng kama kung saan ang mga indibidwal na nakakaranas ng krisis ay maaaring makatanggap ng suporta upang patatagin o sumailalim sa pagsusuri para sa potensyal na inpatient na psychiatric na pangangalaga.
 - Tumawag sa: (707) 428-1131
- Karagdagang Mga Mapagkukunan ng Solano County
 - Tumawag sa (707) 806-0866 – Solano Mobile Crisis Services
 - Tawagan ang 988 – Para sa Suicide at Crisis Lifeline
 - Tawagan ang (707) 428-1131 – Para sa Crisis Stabilization Unit ng Solano County
 - SolanoConnex.org— Isang web app na nagbibigay ng kalusugan ng pag-iisip at iba pang mapagkukunan
 - Tawagan ang (855) 765-9703 – Paggamit ng Sangkap (alkohol o gamot) mga serbisyo sa paggagamot
 - Tumawag sa 911 --Mga Serbisyong Pang-emerhensya
 - Ang Solano County Mobile Crisis Team ay maaaring ipadala kung naaangkop

Ang karagdagan mapagkukunan ay matatagpuan sa TRUEcare Map sa https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services.asp

Ang Plano sa Kalusugan ng Kaisipan ng Solano County ay regular na mag-a-update sa webpage ng Access sa mga Serbisyo simula ngayon kabilang ang impormasyon sa access ng pasyente kung ang ibat's ibang opsiyon ay maaaring makuha para sa mga miyembro ng plan para sa rekord access at opsiyon sa pangangalaga

Upang ma-kontak ang Coordinator ng Paglutas ng Problema sa Solano County, tumawag sa 1-800-459-9914

Upang magsampa ng hinaing, tawagan ang Linya ng Paglutas sa Problema sa 1-800-459-9914.

Para maghain ng apela o pinabilis na apela, tawagan ang Linya ng Paglutas ng Problema sa 1-800-459-9914 o mag-email sa QualityAssurance@SolanoCounty.com (paalala: ang nagpadala ay tumatanggap ng panganib na hindi secure ang mga mensahe habang ipinapadala).

Maaari kang maghain ng apela para sa mga serbisyo ng karamdaman sa paggamit ng sangkap sa pamamagitan ng isa sa sumusunod na tatlong paraan:

- Tawagan ang iyong Partnership sa (855) 863-4155. Pagkatapos tumawag, kailangan mo ring maghain ng kasunod na nakasulat na apela; o
- Ipadala sa koreo ang iyong apela (Magbibigay ang Partnership ng mga self-addressed na sobre sa lahat ng mga site ng provider para i-mail mo sa iyong apela). Tandaan: Kung wala kang self-addressed na sobre, maaari mong ipadala ang iyong apela nang direkta sa address sa harap ng handbook na ito;

- Isumite ang iyong apela sa pamamagitan ng e-mail o fax. Sumangguni sa website ng Partnership sa <https://www.partnershiphp.org/Members/Medi-Cal/Pages/GrievanceAndAppeals.aspx> para sa karagdagang impormasyon.

Nakikipagugnayan ang county sa Partnership HealthPlan of California (Partnership) para sa mga serbisyo ng karamdaman sa paggamit ng sangkap at responsable sa pagtulong sa iyo sa paghahanap ng mga benepisyo upang matugunan ang iyong mga pangangailangan

PAUNAWA NG WALANG DISKRIMINASYON

Labag sa batas ang diskriminasyon. Ang Solano Mental Health Plan (Solano MHP) ay sinusunod ang Pang Estado at Pederal na mga batas ng karapatang sibil. Ang Solano MHP ay hindi lumalabag sa batas at nagdidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o tinatrato sila nang iba dahil sa kanilang kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, pinanggalingan, grupong etnikong, pagkakilala, edad, kapansanan ng pag-iisip, kapansanang pisikal, kondisyong medikal, impormasyong genetic, katayuan ng kasal, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o sekswal na oryentasyon.

Ang Solano MHP ay nagbibigay ng:

- Libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan para matulungan sila sa mas mabuting komunikasyon, tulad ng:
 - Mga kwalipikadong tagasalin ng wika at pagsenyas (sign language)
 - Nakasulat na impormasyon sa ibang pormat (malalaking letra, braille, audio o mga pormat na elektroniko)
- Libreng serbisyo ng wika sa mga taong ang pangunahing wika ay hindi Ingles, tulad ng:
 - Mga kwalipikadong tagasalin
 - Impormasyon na nakasulat sa ibang wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, kontakin ang Solano MHP 24 oras kada araw, 7 araw kada linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-547-0495. O, kung hindi ka nakakarinig o nakakasalita, tumawag sa 1-800-735-2922. Kung humiling, itong dokumento ay maaaring makuha sa braille, malalaking letra, o sa pormat na elektroniko.

PAANO MAGHAIN NG REKLAMO

Kung sa tingin mo ay nabigo ang Solano MHP sa pagbigay ng mga serbisyong ito o labag sa batas na nagdidiskrimina sa iba pang paraan dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong pangkat, edad, kapansanan ng pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, genetic na impormasyon, estado ng pag-aasawa, pagkakakilanlan ng kasarian, o sekswal na oryentasyon, maaari kang maghain ng reklamo sa Tagapag-ugnay ng Karapatang Sibil ng Solano MHP. Maaari kang maghain ng reklamo sa telepono, nang nakasulat, nang personal, o sa elektroniko:

- Telepono: Kontakin ang Tagapag-ugnay ng Karapatang Sibil ng Solano MHP sa pagitan ng 8:30 a.m. at 5:00 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa 1--800-459-9914. O, kung hindi ka makarinig o makakita nang maayos, mangyaring tumawag sa 1-800-735-2922.
 - Sulat: Punan ang porm ng hinaing o magpadala ng sulat sa:
Solano County Health & Social Services
Attn: MHP Civil Rights Coordinator MS 5-250
275 Beck Avenue
Fairfield, CA 94533
 - Sa personal: Bumisita sa iyong doktor o sa Solano MHP at sabihin na nais mong magsampa ng hinaing.
 - Elektroniko: Bumisita sa website ng Solano MHP sa http://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services.asp
-

OPISINA NG KARAPATANG SIBIL – DEPARTAMENTO NG MGA SERBISYO NG PANGANGALAGA NG KALUSUGAN (California Department of Health Care Services)

Maaari ka din magsampa ng hinaing ng karapatang sibil sa sa California Department of Health Care Services, Office of Civil Right sa pagtawag sa telepono, o pagsulat o elektroniko:

- Telepono: Tumawag sa **916-440-7370**. Kung hindi nakapagsasalita o nakakarinig tumawag sa **711 (California State Relay)**.
- Sa pagsulat: Punan ang porm ng hinaing o magpadala ng sulat sa:

**Department of Health Care Services
Office of Civil Rights
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413**

Mayroong mga porm ng hinaing sa:
<https://www.dhcs.ca.gov/discrimination-grievance-procedures>

- Elektroniko: Mag-email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.
-

OFFICE OF CIVIL RIGHTS – U.S. DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES (OPISINA NG KARAPATANG SIBIL – DEPARTAMENTO NG KALUSUGAN AT SERBISYONG PANG TAO NG ESTADOS UNIDOS)

Kung ikaw ay naniniwala na nakaranas ka ng diskriminasyon base sa lahi, kulay, bansang pinanggalingan, edad, kapansanan, o kasarian, maaari kang magsampa ng hinaing ng karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services, Tanggapan ng mga Karapatang Sibil, sa telepono, sa pagsulat o elektroniko.

- Telepono: Tumawag **1-800-368-1019**. Kung hindi nakapagsasalita o nakakarinig tumawag sa **TTY/TDD 1-800-537-7697**.
- Sa pagsulat: Punan ang porm ng hinaing o magpadala ng sulat sa:
**U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201**
- Mayroong mga porm ng hinaing sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.
- Elektroniko: Bumisita sa Tanggapan ng Civil Rights Complaint Portal sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>